Ang Panala Ng Taong Nag-iisip

Jeffersonville, Indiana USA
Agusto 22,1965

1 Manalangin tayo. O Diyos, tunay na iyan ang nasa ng aming mga puso ngayong gabi, ang sumampalataya lamang. Habang kami'y nagkakatipon dito ngayong gabi sa Tabernakulo at ang araw ay lumulubog sa kanluran, dalangin namin mahal na Diyos, na itulot Mong mapagtanto namin kung gaano na rin lumulubog ang araw sa panahon; paubos na ito. Takip-silim na. At naaalala namin nang minsang magtakip-silim, may dalawang manlalakbay na nagaanyaya na Ika'y tumuloy at manatili sa piling nila. At ipinakilala Mo sa kanila sa pamamagitan ng pagpapaliwanag ng Iyong Salita at sa pagpapakita sa kanila na kailangan munang danasin ni Cristo ang lahat ng mga bagay na ito.

Kaya't dumadalangin kami, Diyos, na yaman din lamang at takip-silim na, na Ika'y tumuloy sa aming mga bahay, at makipamuhay na kasama namin, at ipaliwanag Mo sa amin ang Salita, Panginoon, na mabiyaya naming pinanghahawakan bilang isang kayamanang mula sa Iyo, bilang isang kaloob sa aming puso. Huwag nawa namin Itong suwayin; igalang nawa namin Ito sa tuwina nang buong puso namin.

Pinasasalamatan Ka namin sa ginawa Mo para sa mga nasa pagamutan kaninang umaga, at sa ginawa Mo para sa anak na lalaki ni Brother Capps na halos mamatay na sa pagkakaratay; at ngayon ay kabilang siya sa mga nakikinig ngayong gabi. Lubos Ka naming pinasasalamatan, Ama, dahil sa lahat ng mga bagay na ito.

Itulot Mo, Panginoon, na malaman namin kung paano Ka namin dapat bigyan ng papuri. Kami'y sadyang . . . Lampas sa aming pang-unawa ang malaman kung paano Ka pupurihin. Ngunit, Panginoon, tanggapin Mo ang aming mga puso bilang mga tanda ng pasasalamat, na mahal Ka namin. At sa tuwing nanaisin naming gawin kung ano ang tama, ipakita Mo nawa sa amin ang nararapat naming gawin. Humihiling kami sa Ngalan ni Jesus. Amen. (Maaari na kayong magsiupo.)

2 Magandang gabi sa simbahan na ito na punong-puno ngayong gabi at sa mga nakikinig sa telepono sa buong lupain. Ang sabi nila ay naka hook-up silang muli sa gabing ito. 6 Umaasa akong nakikinig ang aking maybahay. Hindi ko siya natawagan, kaya tatawagan ko siya pagkatapos ng gawaing ito.

At tayo ay—may maikling sulat dito na nagsasabing kaninang umaga, ang kapatid ni Brother Jackson —o ang lagay ng kanyang ama, na malaki ang ibunuti niya, maaari na siyang umuwi bukas. Kaya't tayo'y . . .

Ang batang lalaki na anak ni Brother Capps, na siyang itinawag niya sa akin nung isang gabi (Hindi ko alam kung nariyan ngayon sa mga tagapakinig sa Brother Capps o wala, ngunit), at malala ang sakit ng anak niyang lalaki. At nagkataon naman na kami ni Joseph noon ay nasa—sa shooting range, inihahanda namin ang aking kalibre 22 na riple, Isinalaysay ko sa inyo ang tungkol dito nung nakaraang linggo. At umano'y talagang magiging asintado siya. Kaya't gusto niyang tiyakin na sasabihin ko kina Gary at Larry kung ano'ng nagawa niya. At sinabi niya sa akin sa aming pagbalik, ang sabi ko, "Dapat dumaan at— at sabihin mo kay Brother Gene Norman ang tungkol dito." Ang sabi niya, "Dumaan muna tayo at sabihin natin kay Billy (ang kapatid niya). "Matapos niyang ipakita sa kaniya kung gaano siya kahusay mamaril, ang sabi niya, "Ngayon, huwag mo na akong hamakin." Kita n'yo?

3 At pagdating at pagdating namin doon, aba, tumunog ang telepono, at tumakbo si Bill upang tanungin . . . Ang sabi ko, "Marahil isa itong tawag tungkol sa may sakit." At kapapasok palang namin, at si Brother Capps pala iyon. At ang batang lalaki ay may parotitis, at napakaliit na ng pagkakataon nitong mabuhay. At pinagaling siya ng Panginoon. At nung nakaraang gabi, ang sabi'y may naramdaman siyang kung anong uri ng kirot, ito ang sabi sa akin ni Gng. Wood. Nagmadali kaming umalis, at ang sabi, "Gng. Wood, masyado nang gabi ngayon, ika-sampu na, mukhang hindi na nila ako papapasukin pa sa pagamutan." Ang sabi ko, "Uuwi ako at isasara ko na lang ang pinto." At pumanhik ako at nanalangin, at —at ang sabi nila'y narito ngayon sa tagapakinig ang munting batang iyon ngayong gabi. Kaya't lubos tayong nagpapasalamat dahil dito. At nagpapasalamat tayo.

Ngayon, patuloy tayong nangungunyapit; hindi pa tayo nakaka-balita . . . Kung nakikinig sina Brother Leo Mercier at Sister Mercier, hindi pa kami nakakabalita sa inyong ama. Umaasa kaming makabalita sa inyo maya-maya, kung ano na ang kalagayan niya. Ngunit halos ay natitiyak kong bubuti siya, kaya't ipinagtitiwala natin ito sa Diyos na Makapangyarihan sa lahat, na iingatan ng Diyos ang minamahal nating matanda na, at makadiyos na lalaking iyon—isang may edad nang beteranong ministro ng Ebanghelyo.

4 Ngayon, oh, napakaraming mga bagay na kinakailngang gawin at napakaiksi ng panahon upang isagawa iyon, kaya't kinakailangan na nating ilagay ang lahat ng ating pagsusumikap sa kung ano'ng magagawa natin para sa ating Panginoon.

Medyo napaaga ako kanina, at medyo hindi masyadong maganda ang pakiramdam ko. Napagod ako, talagang pagod na pagod, at humiga ako roon kaninang hapon. Ni hindi pa nga ako nananangghalian. Kaya't pu - pumasok ako, nahiga lang ako sa buong katanghalian; masama ang pakiramdam ko. Kaya't nahiga ako roon, at na - nanalangin ako; at umigi ang pakiramdam ko, at nagbangon ko, nagbihis, at

pumarito sa simbahan. 12 Kaya nga tayo - tayo ay nagtitiwala ngayon sa Panginoong Jesus na pagpapalain Niya ang ating sama-samang pagsisikap ngayong gabi habang sa buong bansa ay sinisikap nating pag-isahin ang bahaging ito ng Katawan ni Cristo na kung saa'y binigyan ako ng karapatan upang pakainin ang Kanyang Mga Tupa. At ang tangi kong magagawa ay ang magbigay ng pinakamainam na pagkain para sa mga tupa sa abot ng aking magagawa. At naghihintay ako nang may pananabik sa oras na kung kailan ay maaari tayong magtipong lahat sa isang lugar at mangaral tungkol sa Pitong Tatak, at Pitong Mangkok, at Pakakak, at iba pa. Lahat ng mga ito ay magaganap sa - sa iang kumpol. Iyon ang dahilan kaya gugugol tayo ng mga isang linggo, sampung araw o higit pa upang matapos natin iyon sa isang pagtitipon lamang, kung magagawa natin. Sa palagay ko'y sapat-sapat na iyon.

5 Ngayon, marami sa inyo ang naglalakbay nang malayo, tumingin ako rito, at napansin ko kani-kanina lang ang mga taga-Tucson, si Gng. Sothmann . . . Nakita ko nang dumating si Brother Fred. Nakita ko siya sa mga tagapapakinig kaninang umaga. At hayun, sa palagay ko'y si Brother Don Rudell ang nakaupo sa tabi niya doon sa likuran ngayon gabi. Nagagalak akong makitang naririto si Brother Don. At si Junior, naririto ba si Junior o siya ba'y nasa simbahan niya ngayon gabi? Sa palagay ko ay nakikinig sila sa kanilang simbahan ngayon gabi. Kaya't kayong lahat na mga kapatiran, labis kaming naliligayahan na makasama namin kayo rito ngayon gabi, at umaasa kami sa Panginoon na isang araw, kapag natapos na ang buhay at nagsimula nang magdilim ang munting liwanag ng ating mortal na buhay at malapit na tayong mamatay, wala tayong katatakutang kasamaan sapagkat pagdaan natin sa - sa isang . . .

6 Katatanggap ko pa lang ng ulat para sa inyo —- doon sa —- sa Arizona - sa Prescott. Pinalabas na sa ospital si Brother Coggins. Kaya't lubos tayong nagpapasalamt dahil diyan. Sister Mercier, bumubuti na ang lagay ng ama mo ngayon. Sadyang nadama ko matapos nating manalangin na bubuti na siya. Kaya . . . Marahil ay nakikinig sila; sana nga; at sa palagay ko'y nakikinig nga sila. Kaya't lubos tayong nagpapasalamat dahil diyan, na mabuti na ang lagay ng kapatid natin ngayon at gagaling na siya, Kaya't pinasasalamatan natin ang Panginoon sa lahat ng mga ito. 15 Nakatanggap ako ng kahilingan kagabi, may isang minamahal na kapatid dito . . . Sa palagay ko'y hindi natin siya kasama ngayon. Isang kapatid na taga-Kentucky ang tumawag sa akin tungkol sa kaniyang anak na babae, isang kaibig-ibig na pamilya. At ang —- ang babaeng ito ay nakatakdang operahan . . . Isa siyang bata pang ina na may kanser sa likod. Kaya't idalangin natin na nawa'y iligtas ng Diyos ang batang babaeng ito. Naniniwala akong gagawin Niya iyon, kung magagawa lang nating - ang kongregasyon, tayong lahat, kung magkakaisa tayo at mananalangin para sa mga taong ito, ng sama-sama. Iyan ang dapat nating gawin bilang isang katawan.

7 Habang—at habang papalapit nang papalapit ang mga araw at kumikitid ang daan, na—nais nating maging higit na malapit sa isa't-isa. Naku, dapat tayong maging isa—-isang Katawan. Dapat tayong kumilos nang magkakasama, limutin natin ang kasalanan ng isa't-isa at ang atingmga pagkakaiba, higit nawa tayong maging malapit sa isa't-isa habang nakikita nating umrating na ang araw na iyon, sama-sama tayong magkatipon, nang may pagkakaisa at may iisang puso. At kung ang isang kapatid na lalaki, kapatid na babe ay malihis ng landas sa anumang paraan, huwag kayong gumawa ng anuman kundi ipanalangin ninyo ang taong iyon at sa pag-ibig ay isaalang-alang ninyo sa tuwina ang isa't-isa. Huwag—huwag ninyong hayaang lumayo kailan man ang sinuman sa inyo. Manatili kayong magkakasama. At kung magagawa ninyo, lagi nawa ninyo itong daragdagan sa lahat ng pagkakataon.

8 Brother Neville, hawak ko ang kahilingan mo hinggil kay Brother Wright, kay Brother George Wright na nakaupo rito. Nagagalak tayo na sina Brother Wright at Sister Wright na narito ngayon ay . . . Si Edith, ako'y . . . Isang araw sa pagparito namin, nais nating magdaos ng isang maikling memorial service dito. Hindi ako nakabalik para kay Edith nang siya ay pumanaw, ngunit Sister Wright, naalala mo ba ang napanaginipan niya, mga dalawang taon na ang nakalilipas? At nasabi ko na sa inyo noon, ang sabi ko isa itong_ hindi na gasinong magtatagal sa piling natin si Edith, sapagkat sinasabi na ng Panginoon na papanaw na siya ayon sa panaginip na iyon na napanagininipan niya. At nakuha ko. . . Ang kahulugan niyon ay kakatagpuin na niya ang Diyos. Makalipas ang dalawang taon ay pumanaw na siya upang katagpuin ang Diyos, naghihintay siya ngayon sa pagtawid ng kaniyang ama at ina sa guhit na naghihiwalay sa mortal at sa kawalang kamatayan. Pagpalain kayo ng Diyos. Sisikapin kong makipagkita kaagad sa inyo hangga't maaari. Kaya't sumainyo nawa ang Diyos.

At si Shelby at ang bawat isa . . . Parang nakita ko si Shelby kaninang umaga; hindi ako tiyak. Hindi ka makakita nang malinaw dito sa itaas: mababa ang kisame, at sumisinag ito ng—ng liwanag na ganiyan. Nakikita mo ang iba't-ibang lugar, ngunit hindi mo masyadong makita ang mga tao.

9 Ngayon, tutuloy na tayo kaagad sa mensahe. Isa itong mensaheng nais kong basahin mula sa Mga Bilang 19:9 at sa Mga Taga-Efeso 5:26. At kayo na nagtatala na mga teksto at iba pa, aba, maaari ninyong itong isulat.

At ngayon, alalahanin ninyo, kung ito ay itiniteyp, hindi ko alam. Wala akong makitang sino man. Oo, may nakita ako; nakikita ko si Brother Terry doon sa recording room. At kung ito ay itiniteyp, sa sinumang ministro saan mang lugar, kailan man, hindi ito naglalayong pamalian ang inyong mga katuruan;

ni hindi nga ito ukol sa inyong mga tupa. Ang mensaheng ito at lahat ng iba pang mensahe na ipinangungusap ko ay ukol sa aking kongregasyon. Hindi ito para sa inyong kongregasyon maliban na lang kung nais nila itong tanggapin, ngunit ito'y ukol sa mga taong naririto.

Binibili ng mga tao ang mga tape na ito. Binibili na mga tao sa buong mundo ang mga ito at kanilang pinakikinggan. Sa maraming pagkakataon sila ay sumusulat, at sa tuwina pinasasangguni ko sila kung sila'y miyembro ng isang iglesya, "Makipagkita kayo sa inyong pastor."

10 Ngayon, pastor, nais kong malaman mo yan, na ipinangungusap ko ang mga bagay na ito para lamang sa aking kongregasyon. At may karapatan akong gawin iyon, sa pagkat inilagay ako ng Espiritu Santo upang bantayan ang mga tupang ito. At sa aba ko kung hindi ko sasabihin sa kanila ano sa palagay ko ang katotohanan, at ang paraan ng pagdating nito. Ngunit hindi ito para sa sanlibutan o sa lahat ng iba pang mga iglesya. Gawin ninyo ano man ang sinasabi ng Diyos sa inyo ng gawin ninyo. Hindi ako maaaring managot para sa inyo; gayun din naman kayo sa akin; subalit bawat isa sa atin ay kailangang managot sa harapan ng Diyos para sa ating lingkuran. Samakatuwid, kung kailangan kong managot para sa aking lingkuran, dapat kong ipangaral iyon sa paraang nakikita ko, at sa paraang ipinahayag sa akin. Kaya't iyan ang ipinatatalastas ko ngayon.

11 Ngayon, sa Mga Bilang 19:9, nais nating basahin ang tekstong ito o ang Kasulatang ito pala; At pupulutin ng isang taong malinis ang mga abo ng guying bakang babae at ilalagay sa labas ng kampamento sa isang dakong malinis; at iingatan ukol sa kapisanan . . . (Masdan ngayon.) . . . Ukol sa kapisanan ng mga anak ni Israel na pinaka tubig para sa karumihan: Handog nga dahil sa kasalanan.

Pansinin, hindi para sa lahat: para sa kapisanan ng mga anak ni Israel, ang tubig ng paghihiwalay. Ngayon, sa ika-5 kabanata at simula sa ika-22 talata . . . Mga babae, pasakop kayo sa inyo-inyong sariling asawa, na gaya ng sa Panginoon. Sapagkat ang lalaki ay pangulo ng kaniyang asawa, gaya naman ni Cristo na pangulo ng iglesia, na siya rin ang tagapagligtas ng katawan. Datapwa't kung paanong ang iglesia ay - ay nasasakop ni Cristo, ay gayundin din naman ang mga babae ay pasakop sa kani-kaniyang asawa sa lahat ng mga bagay.

Mga lalake, ibigin ninyo ang inyo-inyong asawa, gaya naman ni Cristo na umibig sa iglesia, at ibinigay ang kaniyang sarili dahil sa kaniya: (Ngayon, heto ang ibig kong sabihin sa inyo.) . . . Upang kaniyang pakabanalin ito, na nilinis sa pamamagitan ng paghuhugas ng tubig na may salita.

12 Ngayon, ang munting tekstong ito ngayong gabi, kung matatawag ko itong isang teksto… At nagtitiwala ako na hindi ito babalewalain at iisiping ito'y isang tahasang paglapastangan ng mga tao rito pati na ng mga nasa telephone hook-up, bagama't ang kumuha ng isang tekstong tulad nito ay tila baga isang paglapastangan. Ang paksang gagamitin ko ngayong gabi ay "Ang Panala ng Taong Nag-iisip." Tila napaka radikal na paksa nito para sa isang ministro na laban sa paninigarilyo, ang kumuha ng isang tekstong tulad niyan, "Ang Panala ng Taong Nag-iisip."

Mangyari, nung isang umagang nangaso ako ng squirrel, na . . . Kayong mga nasa —oh, kayong mga nakikinig sa radyo — sa himpapawid — o sa telepono, kung nakita lang ninyo ang ipinahayag ng mukha ng kongregasyong ito ng ianunsyo ko ang aking teksto, matatawa kayo: "Ang Panala ng Taong Nag-iisip."

13 Buweno, nangyari ito roon sa lugar na kung saan ay nagpakita sa akin ang Panginoon isang umaga, at ang mga squirrel ay lumitaw sa pamamagitan ng pagsasalita. Natatandaan ninyong lahat kung saan iyon naganap. At gayon din, doon sa tuktok ng burol na kinatayuan ko bago — bago ko ipangaral ang Pitong Kapanahunan ng Iglesia, nangangaso ako isang umaga bago magliwanag, naroon ang . . . Ang akala ko ay sumisikat na ang araw, mga ikaapat pa lamang ng umaga noon. Kakatwang nakita ko ang Liwanag, at pagpikit ko, naroon ang Pitong Kandelerong Ginto, nakatayo roon sa tuktok ng burol, na parang may bahaghari na pumapanhik sa mga tubo nito at lumalabas.

Pagdaka'y nagpakita sa amin ang Panginoong Jesus, at sa pagkakataong iyon ay nakarinig ako ng isang Tinig na nagsasabing, "Ang Jehova ng Lumang Tipan ay siya ring Jesus na Bagong Tipan." At naroon Siya matapos na maipahayag ang pitong Kandelerong Gintong iyon. At pansinin ninyo iyon. Ilan ba ang nakaaalala na tekstong iyon? Isinulat ko iyon sa likuran ng isang - kahon ng - ng mga tape na nasa bulsa ko, "Ang Jehova ng Lumang Tipan ay si Jesus ng Bagong Tipan." Alam ng Diyos sa langit na iyon ang totoo.

14 Nang tawirin ko ang dakong iyon kung saan ay nagpakita Siya hindi pa katagalan tungkol sa mga squirrel . . . At nang tawagin ko ang matalik na kaibigan kong si Jack Moore makalipas ang ilang buwan upang ako'y magtanong, nang simulan ko nang ipangaral ang PItong Kapanahunan ng Iglesia, sa Apocalipsis 1 . . . At nakatayo Siyang puting-puti, ang buhok Niya ay parang balahibo ng tupa. Paanong nangyari, na tatlumpu't tatlong gulang pa lamg Siya, pagkatapos ay puting-puti na ang buhok Niya?

At si Brother Moore, isang napakainam, aral na Cristianong ginoo, at isang iskolar, isa sa pinakamahusay na kilala ko, ang sabi niya, Brother Branham, si Jesus iyon matapos Siyang maluwalhati.

Ganoon na ngayon Ang itsura Niya."

Ngunit hindi wasto iyon sa pandinig ko. At patuloy akong nanalangin hanggang isang araw bago ko simulan ang Pitong Kapanahunan ng Iglesia, hindi ko maunawaan nang husto ang unang kabanatang iyon. Paanong mangyayari na ang isang Lalaking tatlumpu't taong gulang, na nabuhay na muli sa katawan ding iyon . . . Nakilala Siya ng mga apostoles, nalaman nilang Siya nga iyon . . . At paanong nangyari tumanda na Siya nang husto, marahil ay walumpu o siyam na pung taong gulang na may makapal na puting balahibo ng tupa sa Kaniyang ulunan, at ang balbas Niya ay simputi ng niyebe?

15 Binasa ko sa Aklat ni - ni Daniel, kung saa'y nagtungo Siya sa isa sa Matanda sa mga Araw, na ang buhok ay simputi ng balahibo ng tupa. Pagkatapos ay nakita ko ang Isang iyon na Matanda sa mga Araw; Siya ang Isang iyon, ang Matanda sa mga Araw, tulad pa rin kahapon, ngayon, at magpakailan man. Nakita ko na isa iyong sagisag. At bakit puting balahibo ng tupa? At pagkatapos noon ako ay - tila ba nangungusap sa akin ang Espirutu Santo tungkol sa isang larawan ng iasang hukom noong unang panahon na nakita ko minsan. Pagkatapos ay ay tinunghayan ko ang kasaysayan; binalikan ko ang kasaysayan ng Biblia at lahat na upng malaman ko. At ang dating mga hukom tulad ng punong saserdote sa Israel, kailangan niyang magkaroon ng maputi, abuhing buhok na parang balahibo ng tupa pati na ang balbas, sapagkat ang puting buhok sa ulo niya ay nangangahulugang siya ang may pinakamataas ma kapangyarihan sa lahat ng mga hukom sa Israel. At maging sa araw na ito at ilang daang taon na ang naklilipas, marahil ay dalawang daang taon o hindi man sila kabata o gaano man sila katanda, kapag pumasok sila sa paghatol, nagsusuot sila na putting peluka at - upang ipakita na wala nang iba pang taong mas makapangyarihan kaysa sa kanila. Sila ang may huling salita sa kaharian. Kung ano ang sasabihin nila, iyon na iyon.

At ngayon, pagkatapos ay nakita ko na nakatago Siya roon, bata pa ring Lalaki, ngunit nakasuot ng pelukang puti. Siya ang lubos at kataas-taasang Kapangyarihan; Siya ang Salita. At mayroon Siyang - nakasuot Siya ng putting peluka.

16 At pagkatapos, nang matapos tayo sa - sa sermong iyon at nagtungo tayo sa kanluran, at nang magpakita roon ang anghel ng Panginoon para s Pitong Tatak, at iyon ay pumailanlang sa himpapawid (at may mga larawan tayo nito dito ay sa buong bansa), naroon Siya't nakatayong suot pa rin ang peluka mg kataas-taasang kapangyarihan. Siya ang Ulo ng Iglesia. Siya ang ulo ng Katawan. Walang katulad Niya saan man. Nilikha Niya ang lahat ng mga bagay para sa Kanyang Sarili, at walang anumang nalikha nang wala Siya. Taglay Niyang lahat ng kapangyarihan salangit at sa lupa, atang lahat ng bagay ay pag-aari Niya. At nananahan sa Kaniya ang Kapuspusan ng Pagkadiyos sa kahayagan ayon sa laman. At ang Salita ay Diyos at nagkatawang-tao sa ating kalagitnaan, at Siya ang naghayag sa kabuuang lihim ng buong plano ng kaligtasan na ipinangusap ng lahat ng mga propeta at mga lalaking pantas. Siya lamang ang nakapelukang Iyon, at kataas-taasang kapangyarihan.

17 Ngayon, huminto ako sa tuktok ng burol noong isang araw, mukhang may mga squirrel na tumatawid doon. At umupo ako. At sandal pa lang ako roon ng biglang gumalaw ang mga halaman at may - isang napakalaking taong dumting na may dalang ripleng double barrel, dumaan siya sa mga halaman, at halos himatayin ako sa takot. Lumayo ako, at dala-daling dumapa. Takot akong gumalaw, baka barilin niya ako, at gugalaw ang mga halaman, kaya't talagng hindi ako kumikilos.

May mga squirrel n tumatakbo patawid ng burol, at pinaputukan niya ito ng double barrel kaya . . . Hindi niya siya tinamaan. Kaya't nanaog ang squirrel sa burol, at naisip ko, " Ngayon, lalayo ako, umaalingawngaw ang lahat ng ingay na iyon. Inubos niya ang bala ng kanyang baril." At nang magsimula akong bumaba sa burol na iyon, ay bumaril ang lalaking iyon sa harapan ko mismo. At napapihit ko nang paganito, at tumahak ako rito upang bumaba sa ibang daan, at muli na naming pumutok ang kalibre 22 na riple. At sumisipol ang mga bala sa ulunan ko, ang sabi ko, " Naku, ang sama ng puwesto ko."

18 Kaya't pumihit ako at bumaba ako sat bi ng ilog, at naisip ko, " Bababa ako rito at magtatago ako hanggang sa matapos sila para makalabas na ako." At sa daan nang ako'y pababa na, nagkataon napukaw . . . napukaw ang pansin ko, at napatingin ako sa gawing kanan ko, at ang nangyari, nakalapag doon ang isang basyong kaha ng sigarilyo, na itinapon ng isa sa kanila sa paghahabol sa - nang dumaan ang mga squirrel sa mga halaman.

At dinampot ko ang kaha ng sigarilyong ito at tiningnan . . . Hindi ko nga pala iyon dinampot (Ipagpaumanhin ninyo.) ; tinignan ko iyon. Hindi ko iyon dinampot, pagkat unang-una ay hindi ko gusto ang amoy ng bagay na iyon. At tumingon ako roon, at ito'y gawa ng isang kompanya ng tabako na sa palagay ko'y hindi ko dapat banggitin ang pangalan, ngunit malalaman ninyo. Nakasulat doon, " A thinking man's filter and a smoking man's taste." Tiningnan ko ang bagay na iyon, at inisip ko, "Panala ng lalaking nagiisip?" Naisip ko, "Kung talagang nag-iisip ang tao, hindi siya maninigarilyo sa anumang paraan. Paanong nangyari ito ay isang panala ng isang taong nagiisip? Ang isang taong nagiisip ay hindi maninigarilyo sa anumang paraan." Tama.

19 Ngayon, naisip ko, "Nakapanlilinlang iyon." Ngayon, ang mga kumpanyang iyon ng tabako, umano'y

Americano. At oh, kung ipamumuhay natin ang ating patakaran, magsisikap tayong magtulungan, kung may damdamin tayo para sa isa't-isa. At anong laking pagpapaimbabaw . . . Kaya hindi ko binanggit ang pangalan ng kumpanya, kasi kailangan kong magsalita ng ilang masamang bagay tungkol sa kanila. At gaano ba dapat magpakaipokrito ang tao para lang kumita ng pera? 40 Ang isang taong nag-iisip ay hindi maninigarilyo sa anumang paraan, ngunit ganoon na lamang ang pagkahumaling ng madlang Americano dito. Sa palagay nila'y kahanga-hanga ito.

Ngayon, tingnan niyo. Hindi ka maaaring, hindi ka maaaring . . . Tanungin ninyo ang sinuman, kahit ang mga siyentipiko; hindi maaring magkaroon ng usok ng walang tar. Kung may katiting man na usok na lulusot, tiyak na may tar at kung wala kang makukuhang usok, buweno wala kang makukuhang anumang tar; at wala kang anumang makukuha. Para kang humihithit sa isang patpat. Ngunit habang makakakuha ka ng usok, humihithit ka ng kanser ng nikotina.

20 Kung nakasama ko lang sana kayo noong nakaraan taon, o noong sinundan taong, sa palagay ko sa World's Fair, nang si Yul Bryner sampu ng iba pa sa kanila ay naroon upang magtanghal at makikita ninyo kung paano silang kukuha ng sigarilyo, ilalagay iyon sa isang bagay, at ipapahid iyon sa isang pirasong marmol . . . at kukuha ang duktor ng bulak, pagugulungin iyon doon at kukunin ang nikotina mula roon, at ilalagay iyon sa likod ng isang dagang puti at ikukulong ito sa isang hawla. At tuwing ikapitong araw ay ilalabas nila ito. At napuno ng kanser ang dagang iyon hanggang sa hindi na ito makalakad dahil sa nikotinang galing sa isang sigarilyo.

At ang sabi niya, "At alam ninyo, ang sabi nila, masasala nila ito sa pamamagitan ng isang filter." Ang sabi niya,"Hindi ka maaaring magkaroon ng isang filter . . . Anumang filter na mag-aalis ng nikotina ay mag-aalis din ng usok,"ang sabi,"sapagkat kailangan mo ng usok - kailangan mo ng tar upang makagawa ng usok, at ang tar ang nagbibigay ng kanser."

At pagkatapos ay pinadaan niya iyon sa tubig at ang sabi,"Minsan iniisip ninyo na masasala ninyo iyon ng lubusan." Ang sabi, "Sa tuwing ikaw ay . . . Saan mo man iyon padaanin . . ." Ang sabi, "Sinasabi nila, "Hindi ko naman iyon nilalahanghap," at nilalagay nila iyon sa kanilang bibig at ibinubuga." Pagkatapos ay kinuha niya iyon at ibinilot, at inilagay sa ilalim ng isang bagay na naroroon, at pinakitang kanser pa rin iyon. Buweno, nilulunok ninyo ito. Kita n'yo? At anuman ang gawin n'yo, kamatayan pa rin iyon. Kita n'yo?

21 Isipin na lng na lilinlangin ng husto ng isang kumpanya ang isang tao o pagtatangkaang linlangin ang kanilang mga kababayan, tulad ito sa isang buwitre na nabubuhay sa pagkain sa sarili nilang -nitong lahi. Pagkita ng pera, nagbebenta ng kamatayan sa ba—bayan, at gayundin sa mga kabataang lalaki samantalang humaharap sila sa digmaan at nagbubuwis ng kanilang buhay para sa kanila, pagkatapos ay susuklian nila sila ng pagbebenta ng gayong bagay sa ilalim ng isang pagkukunwari: "Panala ng isang taong nagiisip, ngunit ayon sa panlasa ng lalaking naninigarilyo." Kakailanganin mong magkaroon ng usok upang makuha mo ang lasa. Kita n'yo? "Panlasa ng lalaking naninigarilyo . . ."

Gayunpaman, gayon na lang ang pagkahumaling ng mga tao dito. Tinatanggap nila ito. Ngayon, ang layon nito ay ang lalo lang kayong dayain. Kita n'yo, ito'y sa diablo. Hindi sila nagmamalasakit sa inyong buhay. Walang silang damdamin para sa inyo. Ibinibenta nila sa inyo ang bagay na iyon para lang panoorin kayong mamatay, kumita lang sila ng pera.

22 Katulad ng pulitika at digmaan, hindi ako naniniwala sa digmaan. Hindi ako naniniwala na dapat tayong magkaroon ng digmaan kailan man. Naniniwala ako na sa dakilang kahariang dadalhin ng Diyos, ang dakilang sibilisasyon na maihahatid sa ilalim ng Sarili Niyang dakilang paghahari; hindi na magkakaroon doon ng isa pang digmaan. Hindi na mag-aalsa ng sibat ang mga bansa laban sa isa't-isa. Lahat sila'y mapapayapa, walang hanggang kapayapaan.

Kaya nga ang ganitong uri ng sibilisasyon ay naghahatid ng ganitong digmaan, at habang lalo tayong nagiging sibilisado sa ilalim nito, ay mas dumarami ang digmaan natin. Ang isa'y nagsisikap na maging higit na sibilisado kaysa sa iba, at nagdudulot na mas maraming digmaan ang pagiging higit na sibilisado. Kita n'yo?

At tingnan ninyo, kung ano ang nasa ilalim ng sibilisasyon ito, na maglalabas ang isang tao na gayong bagay. At ginagawa lang no'n ay dinadaya kayo para bumili kayo ng mas maraming sigarilyo. Sapagkat kung naninigarilyo ang isang tao, ang paniwala ko'y sa diablo iyon, at ang lalaki o babaeng iyon ay may diablo ng nikotina. At kung makukuntento na sa isang sigarilyo ang diablong iyon ng nikotina, nang sa gayon ay hindi na kayo pakialaman at bagabagin nito, sa pamamagitan ng isang sigarilyo, at pagkatapos ay kukuha kayo ng filter, ay ikatlong bahagi lamangng nikotinang iyon ang palulusutin nito, sa makatuwid kakailanganin ng tatlong sigarilyo upang tumbasan ang isang iyon, at dahil doon tatlong sigarilyo ang kailangan mong hithitin katumbas ng isa.

Kita n'yo, isa lamang ito pakana, isang pandaraya, isang pakana upang makapagbenta ng sigarilyo. Mas marami ang maibebenta sa gayong paraan kaysa kung hahayaan lang nila hithitin ng tao nang

direkta ang tabako sa kanyang pipa o sa kanyang sigarilyo. Ngayon, sa Diablo iyan.

23 Habang nakatayo ako roon, pinagmamasdan ko iyon at iniisip kung gaano iyon kadaya, dumating ang katanungan sa 'kin, at yumuko akong muli, pinagmasdan kong muli ang kaha, at parang may nagsabi sa aking, "Ngunit ang salawikain ay tama: "Panala ng lalaking nag-iisip, panlasa ng lalaking naninigarilyo." Naisip ko na ang kadayaan sa natural na naroroon sa tabakong iyon, ay tulad din ng mga iglesia ng panahong ito (Kita n'yo?), isa itong pandaraya.

Humantong na ito sa punto na ang buong mundo ay naging isa nang malaking pandaraya ng kung ano ba talaga ang totoo at kung ano ang tama. Kita n'yo, maging sa pulitika at sa gawaing panlipunan, sa paaralan, sa lahat ng bagay, magiging isa na itong panlilinlang.

24 Ikinukuwento sa akin ng isang bata pang lalaki noong isang araw na siya raw minsan ay nasa kampo ng mga sundalo, at may isang batang sundalo na nasagasaan ng tangke, ang kaniyang mga baga, ang kaniyang sikmura, o kung anuman iyon, ay natusok. At nagpunta sila sa ospital; at may tatlo o apat na duktor na nakahanay doon, at ang lahat ay nakapila. At buhat-buhat ng dalawa o tatlong sundalo na kanilang kaibigan, at bahagya na lang siyang nakahihinga . . . Sa tuwing hihinga siya, tumutusok ang tadyang na iyon sa kanyang baga, at dahil doon ay dinudugo siya sa loob. At hinayaan nilang pumila roon ang lalaking iyon, doon sa hulihan na pila, at pinasingit nlia ang ilang kalalakihan na masakit lang ang mga tainga o kung ano.

At nang malapit na siyang makarating sa unahan, may dumating na isang koronel na may dalang maliit na bata na may butlig - ang anak niyang lalaki o babae ay may mga butlig sa kamay nito. At pinutol nila ang pila para pasingitin ang anak ng koronel, samantalang ang lalaking iyon ay natuhog, at naghihingalo na. Hayun.

Oh, kung may tunay na damdamin ang koronel na iyon para sa kapatid niyang nakapila, disin sana'y sinabi niya, "Makapaghihintay ang batang ito; dalhin ninyo ang lalaking iyan dito nang madali; tulungan ninyo siya."

25 Ngunit, nais ng bawat tao na ipakita ang kanyang kapangyarihan. Ngayon, hindi naman sila gaanong lahat. Ngunit napakaraming gayon; napakarami sa kanila ang gayon. Ngunit ang lalaking iyon, ang tanging inaalala niya ay ang kanyang munting anak na lalaki na may mga butlig sa kamay, at hindi niya iniisip ang tungkol sa abang lalaking iyon na nakapila, na napisa sa ilalim ng tangke - ang tangkeng iyon at marahil ang lalaking iyon mismo ang magliligtas sa kanyang buhay isang araw sa harapan ng pakikidigma. Kita n'yo, hindi sila humihinto para mag-isip, liban na lang para sa kanilng sarili, 'Panala na lalaking nag-iisip . . ."

Tiningnan ko iyon, at naisip ko, "Tulad ito ng - ng mga denominasyon ngayon, na mga iglesia natin." Bawat isa sa mga ito ay may sariling panala; may kani-kaniya silang uri ng panala. Hinahayaan nilang pumasok ang anumang nais nila at pinipigil ang ayaw nila, sinasala nila ito papasok at palabas sa pamamagitan ng kanilang sariling uri ng panala. Hinahayaan nailing makapasok ang ilang uri ng mga bagay ng sanlibutan upang bigyan ng kasiyahan ang mga di-mananampalataya na naroon sa loob. Tatanggpin nila sila maging anuman sila kung mayroon silang pera. Tatanggpin nila sila maging anuman sila kung sila'y sikat. Ngunit may isang bagay tungkol dito, hindi mo magagawang magpapasok ng gayon sa Iglesia ng Diyos, hindi ang denominasyon ang tinutukoy ko, kungdi ang totoong tunay na Iglesia ng Diyos . . . ? . . .

26 Katulad ng mga kumpanya ng tabako ng araw na ito, ang mga taong pumapasok sa mga nasabing iglesia o denominasyong ito, ay may panlasa; at ang panlasang ito ay nagiging pamantayan ng sanlibutan. At bawat denominasyon ay may kani-kaniyang panala, at sinasala nila lahat ng tunay ng mga Cristyano na magsasabi ng "Amen," kapag nangangaral ang mangangaral, at pinapasok nila lahat ng Jezebel na maikli ang buhok, at pinturado ang mukha sa bansa, basta't sikat sila: "Si ganito-at-ganoon ay nagsisimba sa amin . . . Isang artista, isang dakilang tao . . . "Iyon ang klase ng panalang ginagamit

nila. "Ang denominasyon namin, ang presidenteng si ganito-at-ganoon, o ang koronel, o kung sinong malaking tao ay kabilang sa aming denominasyon." Nakikita ba ninyo kung ano'ng klase ng panala ang ginagamit nila? Ang panalang iyon, siyempre pa, ay sa sanlibutan, sa mga tao ng sanlibutan.

Ang mga tao, alam nila kung ano'ng nais nila. Kaya't kung kailangan nilang makuha kung ano'ng nais nila, kung gayo'y kakailanganin nilang magkaroon ng isang uri ng panala at may sapat na mga bagay ng sanlibutan na nakalulusot upang matugunan ang kanilang makamundong panlasa. "Panala ng taong nag-iisip, panlasa ng taong naninigarilyo - panala ng makarelihiyong sanlibutan, panlasa ng makamundong tao.

27 Nais nilang maging relihiyoso. Iniisip nilang kailangan nilang maging relihiyoso, sapagkat mayroon silang kaluluwa. 61 Nang una tayong maparito sa bansang ito, natagpuan natin ang mga Indian na sumasamba sa araw at iba pa. Bakit? Isa Siyang tao. Kung magtutungo tayo sa mga liblib na kagubatan

ng Africa; matatagpuan natin ang mga katutubo na sumasamba sa kung anong bagay. Bakit? Mga tao sila, at kailangan nilang sumamba

Kaya ang tao, gaano man siya nalugmok sa kasalanan, alam pa rin niya na may isang bagay kung saan, ngunit gayon nalang ang panlasa niya para sa sanlibutan na hindi niya makuha ang tamang panala. Kailangan niyang magkaroon ng isang sariling gawang panala. Ang bawat isa'y gumagawa ng sariling uri ng panala.

Ipinagmamalaki ng bawat kumpanya ng sigarilyo ang sa kanila, kung ano ang magagawa nito, ang tunay na filter, ito ang pinakamahusay na filter. Ang lahat ay nasa unahan, at lahat ng iba pang tulad nito. Ang sabi, "Ang lasa ay galing, o kung ano man, galing sa unahan, mula sa unahan." Oh, alang-alang sa kabutihan. "sa unahan . . ." ano naman kaya ang nasa dulo nito? Tiyak na hindi iyon isang nag-iisip na lalaki o nag-iisip na babae. Ngunit iyon ang sinasabi nila, dinadaya lang nila ang mga tao.

28 Ngayon, nalaman natin ang panahon natin, na ang mga tao ay may panlasa. At bakit ba naninigarilyo ang isang tao? Upang bigyan ng kasiyahan ang isang panlasa. Bakit ba naninigarilyo ang isang babae? Upang bigyan kasiyahan ang isang panlasa.

At kung napag-isipan na ng iglesia, ng isang makarelihiyong grupo, na kanilang - upang makapagpapasok sila ng mga tao roon, kailangan nilang magkaroon ng isang uri ng panala upang maibigay sa mga tao ang gusto nila, ayaw nila ng sigarilyong iyon. At kung hindi nila makuha ang nais nila sa relihiyon, hindi nila tatanggapin ang relihiyong iyon. Ngayon, napakalinaw nito.

Mga babaeng naka-shorts, maikli ang buhok, pinturado ang mukha, nakadamit nang sexy, gusto nila iyon; gustong-gustong nila iyon.

Katulad ng ipinangusap ko kaninang umaga sa - noong nakaraang Linggo tungkol sa gulong na nasa gitna ng gulong, o sa munting kaluluwang iyon na nasa loob ng espiritu, kung paanong ang espiritung nasa labas sa pagitan ng kaluluwa ay maaaring tunay na mapahiran ng Espiritu Santo. Naunawaan ba ninyong lahat iyon?

29 Ngayon, upng isusog iyan sa pagkakadugtung-dugtong ang mensaheng "Ang Diyos ng Sanlibutang Ito." Ang mga pinahiran sa huling kapanahunan. Ang labas na iyon, ang gitnang bilog na iyon . . . Ang unang bilog ay ang - ang mga pandama ng tao; ang ikalawang bilog ay ang mga pandama ng espiritu: ang kalooban - pansariling kalooban, pagnanasa, at iba pa. Ngunit sa loob nito ay ang kaluluwa. Ang kaluluwang iyon ay nakatalaga. Kaya't maaari nilang pahiran ang espiritung ito upang pasunurin ang panlabas na katawan sa espiritu. "Ngunit ang kaluluwang nagkakasala, ang kaluluwang iyon ay mamamatay." Ang kaluluwa na tumatanggi dahil sa hindi pananampalataya sa Salita ng Diyaos, at bahagi ito Nito, ang kaluluwang ito ay mgpawalang hanggan nang, dati nang . . .

Naniniwala ako sa eternal na kamatayan, katulad ng paniniwala ko sa eternal na langit, ngunit hindi sa eternal na impiyerno. Walang eternal na impiyerno. Mayroong eternal na kamatayan para sa mga taong . . .

Marami sa mga relihiyoso sa mundo sa araw na ito ay dati nang patay. Ang babaeng nabubuhay na maikli ang buhok at pinturado ang mukha ay patay na samantalang nabubuhay p. Ganito ang sabi ng Biblia. Kita n'yo, marahil relihiyoso siya, ngunit kalian man ay hindi siya naligts. Myroon siyang panlabas na pagkilos. Maaari siyang umawit sa choir, o kaya'y sumayaw sa Espiritu; maaring magsalita siya ng iba't-ibang wika at magpasa kaniya ang lahat ng manipestasyon ng Espiritu; subalit malibang anak na babae ng Diyos ang kaluluwng nasa kalooban niya (Kita n'yo?), napahamak na siya anuman ang gawin niya.

30 Ang Israel noon ay lubos na espirituwal sa panlabas, lubos na puspos ng kabutihan ng Diyos, at gayon na lang ang paggalang nila sa Diyos at iba pa, ngunit hindi iyon umubra. Hindi magawang makilala ng nasa loob nila ang Mismong Salita.

Ngunit kapag ika'y isinilang ng Espiritu ng Diyos, kung gayo'y mayroon kang - ikaw ay anak ng Diyos, at dati ka nang anak ng Diyos, at sa lahat ng panahon ay anak ka ng Diyos. Walang paraan upang ihiwalay iyon, sapagkat iyon ay - mayroon kang Eternal na Buhay. At ang eternal kalian man ay hindi nagpasimula; ni hindi rin ito magwwakas kialan man.

31 Oh, gawa ng biyaya ng Diyos kaya Niya tayo binigyan ng kaunawaan tungkol sa gayong kadakilang mga hiwaga. Tulad ng ipinangusap ni Pablo dito sa bandang hulihan ng Mga Taga Efeso, patungkol sa mag-asawa, at ang sabi, " Ito ay isang hiwaga," kung paanong ang mga kababaihan ay dapat gumalang sa kanilang mga asawang lalaki. Maging sa ikalawang dako, doon nga iyon sa palagay ko, na kung saan ay nabanggit ang paggalang sa buong Biblia, ang sabi, igalang ng mga kababaihan ang kaniyang asawang lalaki, igalang niya ang kaniyang asawang lalaki. At ang isang asawang lalaki ay dapat na mamuhay ng may gayon din paggalang sa harapan ng kaniyang maybahay na magagawang nitong igalang siya bilang isang anak na lalaki ng Diyos. At kung hindi siya namumuhay ng gayon, buweno kung gayon, anupa't

hindi siya igagalang, sapagkat alam niya kung anong uri siya ng tao. Ngunit kapag ang lalaki ay isang kaglang-galang na lalaki, kagalang-galang at malinis ang pamumuhay, sa harapan ng asawang babae, at sa harapan ng kaniyang pamilya, isang tunay na lingcod ng Diyos, kung gayon, ang babae, ang mga anak, at lahat ay dapat magbigay galang sa lingcod na iyon ng Diyos nang may pagpipitagan.

32 Pansinin, ngayon ang kababaihan, nais nilang magpaikli ng buhok. Nais nilang magsuot ng short, magpinta, mag make-up. Ang mumunting mga bikini at mga bagay na ito na kanilang - na isinusuot nila sa panahong ito, nais nila itong gawin; at gayunpaman nais pa rin nilang magsimba. Nakikita ninyo na ang pagkapahid na iyon ay sa espiritu, hindi sa kaluluwa. Kita n'yo?

Sinasabing . . . Nais maging Cristiano at ginagawa pa rin ang mga bagay na ito. At ayos lang daw iyon ayon sa pastor. Kung sasabihin niyang ayos lang iyon, "Maaari kang maging miyembro; maaaring mailagay ang pangalan mo rito sa aklat ng iglesia ko. Ayos lang iyon , " kung gayo'y ibinibigay niya sa kaniya ang kaniyang makadenominasyong panala upang bumagay sa panlasa ng isng makamundong babae. Mahal niya ang sanlibutan; gusto niya ang panlasa nito. Kaya nga mayroong siyang panala para sa kaniya, ngunit malayo siya sa pagiging isang nag-iisip na babae. Ngunit hayan. Diyan ko nakita ang tekstong ito.

Hindi, hindi siya I - isang babaeng nag-iisip. Kung nag-iisip siya malalaman niyang hindi ang iglesia anghahatol sa kanya sa huling araw. Hinahatulang na siya ngayon ng iglesia sa pamamagitan ng kanyang pagkakasapi, ng kanyang katapatan sa mga samahan na kinabibilangan niya at gayundin sa mga kapisanan. Hinahatulan na nila siya ngayon sa pamamagitan niyan. Ngunit hahatulan siya ng Diyos sa huling araw. Samakatuwid ay hindi siya nag-iisip.

33 Tulad din ng lalaking naninigarilyo, gayon na lang ang pagkahumaling niya sa sigarilyo hanggang sa mamanhid na ang pag-iisip niya dhil sa nikotina. At lubos nang pinamanhid ng pagnanasa ng babae ang kanyang paningin ng Panginoon. Pagkat nais niyang gawin iyon, binibigyan nito ng kasiyahan ang panlasa ng isang makamundong babae. Kaya't kumukuha siya ng panala ng isang makamundong iglesia; nakalulusot nga siya roon ng wlang problema, walang sagabal. Nagpapakitang . . .

Ngayon, nakikita natin doon na ito'y Katotohanan. Ang sabi ng pastor, :Ayo slang iyan. Hindi naming kinukundena ang mga babaeng gumagawa niyan. Ayos lang iyan; hindi kasalanan iyan." Iyon ay ayon sa kanyang panala. Nagpapakitang sila ay makateolohiya; at nagkaroon nga sila ng panlasang makateolohiya. Ngunit tiyak na hindi iyon dumaan sa panala ng diyos. Hindi po.

34 Ngayon, kung may panalang makateolohiya para sa mga taong makateolohiya kung mag-isip, at may panalang pang iglesia para sa makaiglesia kungmag-isip, may panala ng sigarilyo para sa sigarilyo ang iniisip, mayroon at mayroong tunay napanala para sa mga taong tunay na nagiisip. At ang Diyos ay may Panala, at iyon ay ang Kaniyang Salita. Ito'y isang Tagapaghiwalay, sapagkat Ito'y Tubig ng paghihiwalay para sa kasalanan. Ngayon, iyon ang panlasa ng nag-iisip o banal na tao.

At kung ang isang tao ay makalulusot sa ganitong uri ng panala ng sanlibutan, siya - siya'y may makamundong panlasa. At tulad ng kumpanya ng tabako, mas marami ang naipapasok niya sa kanyang iglesia sa pamamagitan ng pagtulak sa kanila sa panalang ito. Ang sabi nila, "Mas maraming babaeng nagsisimba kaysa sa mga lalaki." Maaaring gayon nga. Ngayon maaaring totoo rin iyon kapag puwedeng gawin ng babae ang anumang gusto niya. Tama. Gagawin niya — sasapi siya sa kahit anong bagay. Ngunit sa panalang iyon ng iglesia siya dumaan. Kung sa Panala ng Diyos siya dumaan, iba ang kalalabasan niya. Kita n'yo? Hindi siya maaaring dumaan sa Panala ng Diyos at pagkatapos ay lalabas siyang maikli ang buhok. Sadyang hindi iyon mangyayari.

35 Ngayon, marahil ay bahagya itong makakasakit sa iba, ngunit kapag nagsimula siyang dumaan sa Panala ng Diyos, at sinasabi Nito dito hindi na hindi nila dapat gupitin ang kanilang buhok, paano na kung gayon? Babara siya sa labas. Kung sinabi Nitong kasalanan sa isang babae ang gawin iyan at hindi siya kagalang-galang kung gagawin niya iyon . . . Kung nais niya, ang sabi niya. . . "Buweno, kailangan niya magpagupit." Ang sabi, "Kung gayo'y ahitin na lang niya ito. At sabi pa, "Nalalaman natin na kahihiyan sa isang babae ang magpagupit, " ang sabi "Kung gayon ay lambungan niya ang kanyang ulo." Ang buhok niya ang pangtakip niya, hindi iyon sombrero, babae. Ang buhok niya ang kaniyang pangtakip; ang sabi ng Biblia. . . ?. . . Ipinakikiya nitong is siyang Nazarita sa Panginoon. Ang mahabang buhon sa isang babae ay nangangahulugang isa siyang Nazarita sa Panginoon.

Ngayon, nalalaman nating totoo iyon. Ngunit malalaman nating kung ang naturingang nag-iisip na tao sa sanlibutan ay nakapanigrilyo at nasisiyahan pa rin ang kanyang panlasa, dapat magkaroon siya ng sapat na pag-iisip upang malamang nakakukuha pa rin siya ng tar mula sa tabako. Ngunit iyan - ang ginawa lang niyan ay pabilhin siya ng mas marami - pinabibili siya nito ng mas maraming sigarilyo.

36 At nakakukuha ang panala ng iglesia ng pagsapi at ng mga bagay na tulad nito kapag pinapayagan nilang makalusot sila na taglay pa rin ang anumang bagay ay pagkatapos ay kabilang parin sila sa iglesia, mas maraming miyembro ang nakukuha nito. Ano kaya kung magtungo tayo sa mga iglesia ngayong gabi

at salain natin ang mga lahat na mga Cristianong isinilang sa Salita. Maraming blangkong sermon ang maisasabit sa dingding ngayong gabi. Totoo. Pagkat dumaan ito sa panala.

At kung may isang bagay akong hinahangad sa aking puso, umaasa ako na ang bawat isang nakikinig sa akin ay ganito rin ang hinahangad: Diyos, idaan Mo ako sa Iyong Panala. At tulad ng sabi ni David, "Siyasatin Mo ako, at subukin at tingnan kung may anumang kasalanan sa akin, pagkatapos ay alisin Mo iyon, Panginoon.'' Kita n'yo? Ang Panala ng Diyos ang nais ko. Hindi mahalaga sa akin kung ano ang ginawa ng sanlibutan, kung anong mayroon ang iglesia, nais kong maging taong nag-iisip, upang mapag-isipan ko kung Sino ang makakasama ko pagtayo ko sa paghatol isa sa mga araw na ito.

37 Pansinin, kaya iyan ginagawa ng kumpanya ng tabako ay upang makabenta ito ng mas maraming sigarilyo; ginagawa iyan ng iglesia upang makakuha ng mas maraming miyembro. Ang isang babaeng maikli ang buhok, nagsusuot ng shorts, ay masasala sa Panala ng Diyos; hindi siya lulusot Doon nang may maikling buhok, sapagkat sinabi ng Biblia na hindi niya dapat ginawa iyan. Winawalang-galang niya ang kaniyang ulo kapag ginawa niya iyan. Dapat nating malaman iyan. Ngunit nakalulusot siya sa iglesia nang hindi nagkakaproblema. Lahat

Tumatayo ako magkaminsan, hindi sa hindi ko isinasaalang-alang ang sinuman. Hindi ako nangungusap kalian man ng personal tungkol sa kanino mang tao, ngunit ito'y dahil sa kasalanang nasa iglesia. Saksi ko kayo riyan. Hindi ako nagsasabing, "Si Bb. Ganito-at-gano'n ay ganito-at-gano'n." Hindi po. Ang sabi ko lang, ang kasalanan ay kasalanan. Kung ito ma'y nasa pamilya ko, nasa akin, nasa kaninuman, kasalanan pa rin ito. Hindi sa indibiduwal, hindi ako nangungusap laban sa mga indibiduwal. Nangungusap ako laban sa kasalanan. At hindi mahalaga sa akin kung ito'y nasa akin o sa kaninuman kapag ito'y dumaan sa Panala ng Diyos, anumang kasalanan ay sapat upang patigilin kayo roon.

38 Pansinin. Ngunit ang babaeng nais magkaroon ng maikiling buhok, at magsuot ng short, o magpinta ng, at lahat na, makalulusot siya sa panala ng Pentecostal nang walang kahirap-hirap: walang anuman iyon. Papunta mismo iyon sa kamatayan, pagkat siya na . . . Ang sabi niya, "Buweno, hindi naman makakasama iyan." Kung iniibig ninyo ang sanlibutan o ang mga bagay ng sanlibutan, ito'y dahil wala sa inyo ang pag-ibig ng Diyos."

Dito sa espiritung ito kung gayon ay magagawa niyang magpalusot patungo sa kaniyang kaluluwa ng mga bagay na hindi sa Diyos at laban sa Salita ng Diyos kung iyon ang panlasa nasa kaluluwa. Maaari iyong lumusot sa panlasa, paningin, panlasa . . . Maaari iyong lumusot sa nag-ii — sa pangatuwiran, "Hindi naman ito masama. May panlasa ako; may mga pakiramdam ko. Pakiramdam ko'y ayos lang ito." Nakalulusot siya roon at magtutuloy-tuloy ito sa kaniyang kaluluwa, kung ganito ang uri ng kaniyang kaluluwa. Ipinapakita nitong hindi siya humihithit sa Panala ng Diyos. Ngunit kung maikli ang buhok niya, nagme-makeup siya, nagsusuot ng short, ng pantaloon, mukha siyang lalaki, lahat ng mga pantalon na ito at kung anuman ang tawag nlia sa mga ito, nagsasalita siya ng mga bagay na ganito, mahaharang siya; hindi siya makalulusot. Hindi po. Haharangin siya Nito sa pasimula pa lamang.

39 Pansinin, ang isang lalaking tumitingin sa mapula niyang bibig, at sa mukhaniyang may pinta, at sa shorts, at — at mga bikini niya, at anuman ang taglay niya . . . Ang isang tunay na nag-iisip na lalaki ay hindi titingin sa kaniya. Ngayon, ang isang lalaking miyembro ng isang iglesia ay titingin sa kaniya, hahanga sa kaniya. Ngunit hindi mahalaga sa akin kung anong hitsura niya, iiwas ng tingin ang isang lalaking nag-iisip. Bakit? Dumaan na siya sa Panala ng Diyos, at alam niya na kapag tumingin siya sa kaniya ay nagkasala na siya ng pangangalunya sa kaniyang puso. Hindi niya iisiping maganda siya. Ang sabi, "Hindi ba't napakaganda niya?" Sa kaniya ay hindi. Ang hitsura niya ay malaswa, isa siyang kahabag-habag na Jezabel para sa lalaking nag-iisip. Tinitingnan siya ng isang anak na lalaki ng Diyos nang may kahihiyan dahil kabilang siya sa pamilya niya. Tama. "Paanong mangyayaring kapatid ko siya pagkatapos ay ganiyan siya kung umasta." Kita n'yo?

Iba ang panala na dinaan ng babaeng iyon at iba rin ang dinaanan niya. Hindi niya iisiping maganda siya, hindi sa anumang paraan. Hindi iyon maituturing na kagandahan ng isang tunay na lalaki ng Diyos.

40 Naaalala ba ninyo, minsa, bago pa maging Panala ang Dugo ni Jesus Cristo, gaya ng tatalakayin natin sa loob lamang ng ilang sandal, na tuminging ang mga anak na lalaki ng Diyos. Naulit iyon sa paglabas ng Israel, at hinding-hindi iyon napatawad ng Diyos; at napahamak ang bawat isa sa kanila. "Ang panala ng taong nag-iisip. . . "

Paglabas ko sa gawain dito; may isang Ricky noon na nakatayo sa likuran ng simbahan isang gabi, ang sabi sa akin, mga tatlo o apat na taon na ang nakalilipas, ang sabi, "Nasasabi mo lang iyan, kasi matanda ka na." Ang sabi pa, " Sa palagay ko maganda naman ang ayoos nila." Ang sabi ko, " Nakikini-kinita ko iyon." Sa tingin pa lang niya, masasabi na ninyo kung ano siya. Ang sabi ko, "May sasabihin ako sa iyo. Ilang taon ka na ba? "Magtatatlumpung taong gulang na." Ang sabi ko, " Noong mas bata pa ako sa iyo ng labinlimang taon, ganyan na ang palagay ko." Tama. Karumihan pa rin iyon." "Ang panala ng taong nag-iisip. . . "

41 Ngayon, pansinin, kung nasala ang kanyang pag-iisip sa Salita ng Diyos, ang Panala ng Diyos, hindi siya titingin sa kanya. Hindi niya iisiping maganda siya: iisipin niyang isa siyang Jezabel. Iisipin niyang sa likod ng mapupulang labibg iyon ay may makamandag na mga pangil na tutuklaw sa kaniya. At ang sabi ng Biblia, "Ang mga pintuan niya ay mga pintuan ng impiyerno; at ang isang lalaki ay pumapasok sa mga ito tulad sa isang bakang patungo sa katayan." May panala ang isang taong nagiisip.

Ano ba ang ninanasa ninyo? Kapag dumaan ang babae sa kalsada na gayon ang bihis, pagkatapos ay lilingon naman kayong mga kalalakihan, titingin kayong ganyan, hindi kayo gumagamit ng Panala ng lalaking nag-iisip. Sapagkat kapag ginawa ninyo iyan, nangangalunya na kayo; sapagkat sabi ng Panala, "Ang sinumang tumingin sa isang babae upang siya'y pagnasahan ay nagkasala na ng pangangalunya sa kanya." Italikod mo ang ulo mo, lalaking nag-iisip. Layuan mo siya. Hindi siya maganda; isa siyang serpent (Tama.),

gano'n siya kumembot, ganoon siya kung kumilos, gano'n siya kung manuklaw. Layuan mo siya.

42 Oh, siya nga, ang Salita ng Diyos ay Panala ng isang taong nag-iisip. Alam ng lahat iyan; iyan ang pinangsala sa inyong kaluluwa; ang Salita ng Diyos. At ginawa Nitong . . . Kapag nakalusot ka sa Diyos . . . Kapag dumaan ang isang taong nag-iisip sa Panala ng Diyos, pagkakalooban siya ng panlasa ng taong banal. Tama. Kapag nakalusot ka sa Panala ng Diyos, kung gayo'y ang panlasa mo ay panlasa ng taong banal. Lumilikha ito ng panlasa ng isang taong matuwid. Sadyang mabuti ang salawikaing iyan.

Ngayon, nakikita natin kung paano itong nganap sa anyo ng isang tipo sa Israel, sapagkat ang kongregasyon ng Israel ay isa lamang. . . Iyan ang dahilan sa pangungusap ko ngayon nito, kung may mga ministrong hindi sumasangayon sa anumang nabanggit ko, ito ay para lamang sa kongregasyong ibinigay sa akin ng Panginoon upang—upang pangaralan.

43 Pansinin sa Exodo 19 . . .(Nais kong basahin ninyo iyan pag-uwi n'yo kung may panahon kayo.) Pansinin, kapag nagkasala ang Israel, una kumukuha sila ng pulang guying baka, na hindi pa napapamatukan. Ang ibig sabihin nito ay hindi pa siya kalian man nakipamatok sa anumang bagay. At dapat ay pula ang kulay nito. Ang kulay na pula ay ku - kulay ng katubusan. Alam ba ninyo na alam ng siyensiya na kung kukuha ka ng pula at titingin ka sa pula sa pamamagitan ng pula, na puti ang makikita mo?

Tumitingin ka sa pula patagos ng pula; puti ang makikita mo. Tumitingin Siya patagos sa pulang Dugo ng Panginoong Jesus at ang mga mapupulang kasalanan natin ay nagiging simputi ng niyebe: pula patagos ng pula. At ang guying baka noon ay pinapatay sa gabi ng buong kongregasyon ng Israel, at naglalagay sila ng pitong guhit ng dugo nito sa pinto kung saan dapat pumasok ang buong kongregasyon: isang tipo ng Pitong Kapanahunan ng Iglesias a pamamagitan ngDugo.

44 At pagkatapos kukunin nila ang katawan nito at susunugin. Sinisunog ito kasama ang paa, ang balat, ang mga bituka, pati na ang dumi nito. Ang lahat ay sinusunog ng magkakasama. At kailangan itong damputin ng isang lalaking malinis at kailangan ilagay ito sa isang malinis na lugar sa labas ng kapisanan. Samakatuwid, kung nakita lang sana ng Israel ang tipo, ang Salitang ito ng Diyos ay hindi dapat hinahawakan ng maruruming kamay ng di pagsampalataya. Dapat ay isang malinis na lalaki, at kung malinis siya, ibig sabihin ay dumaan siya sa Panala ng Diyos. Isang malinis na lugar, hindi sa isang lugar kung saa'y nakikibahagi ng komunyon at iba pang mga bagay ang mga Jezebel, at mga Ricky, samantalang pnagtataksilan nila ang kanilang mga asawang babae, at mga asawang lalaki, at lahat ng uri ng karumihan, dumadalo sa sayawan, at maiikli ang buhok at nakashort, at lahat ng iba pa, at pagkatapos ay sasabihibg Cristiano raw sila. Dapat itong ingatan sa isang malinis na lugar at hawakan ng malilinis na mga kamay. 100 At kapag nagkasala ang Israel at napagkilala nilang nagkamali sila, kung makagayo'y sinasabuyan sila ng mga abo ng guying bakang ito, at iyon ay nagsisilbing tubig ng paghihiwalay, isang paglilinis para sa kasalanan.

45 Pansinin, heto na. At kapag ang Israel, bago sila payagang makisama sa pananambahan, kailangan muna nilang dumaan sa tubig ng paghihiwalay - pag-aaring ganap sa pamamagitan . . . Ang pananampalataya ay nagmumula sa pakikinig, pakikinig ng Salita. Pagkatapos papasok sila sa kongregasyon sa silong ng pitong guhit na iyon, ang dugo, upang ipakitang mayroon nang mamatay at may nauna sa kanila para sa kanilang kasalanan. Naihiwalay sila sa pamamagitan ng pakikinig ng Salita, ang Tubig ng paghihiwalay, pagkatapos ay pumasok sila sa pakikisama.

Ang tanging lugar kung saan kinakatagpo ng Diyos ang isang tao ay sa likod ng kaayusan iyon. Hindi Niya siya katatagpuin sa iba pang lugar. Kailangan niyang lumapit sa likod ng kaayusang iyon. Sa isang dako lang kinatagpo ng Diyos ang Israel. At sa isang dako lang kayo ngayon kakatatagpuinng Diyos at iyon ay kay Jesus Cristo. At Siya ang Salita, ang Tubig ng paghihiwalay. At ang Dugo Niya ay nabubo para sa Itong Kapanahunan ng Iglesia, at sa pamamagitan ng Espiritu Santo ay pumapasok kayo sa pakikisamang iyon, na ipinagkakaloob lamang sa oglesia. Oh, napakadakila Niya.

46 Gayundin ngayon, nais nating tingnan ang Efeso 5:26. ng sabi ito ang paghuhugas ng tubig sa

pamamagitan ng Salita, Tubig ng paghihiwalay sa pamamagitan ng Salita, ang Panala ng Diyos.

Kung gayo'y hindi ka maaaring mapakay Kristo sa pamamagitn ng panala ng isang iglesia. Hindi ka maaaring lumapit sa pamamagitan ng panala ng isang denominasyon o ng isang kredo. Iisa lang ang Panala na maari mong daaman papasok sa banal ng dakong iyon, iyon ay sa paglilinis ng tubig sa pamamagitan ng Salita. Ang Salita ng Diyos ay siyang Panala ng taong nagiisip.

47 Hahatulan ka rito ng iglesia kung ikaw ba'y isang mabuting miyembro o hindi. Bibigyan ka nila ng magandang libing at itataas ang bandila sa kalagitnaan ng poste sa araw ng iyong kamatayan, magpapadala sila ng mga koronang bulaklak, at - at gagawin ang lahat para sa inyo, ngunit pagdating sa pagharap ng kaluluwa mo sa Diyos, kailangan ay mayroon itong Buhay na Walang Hanggan. At kung ito'y Buhay na Walang Hanggan, ito'y bahagi ng Salita. At kung paanonng hindi maitatanggi ng sarili kong salita - ng sarili kong kamay ang kamay ko. . . Hindi maitatanggi ng sarili kong mga mata ang kamay ko, o mga paa ko, o ang daliri ng paa ko, o anumang bahagi ko. Hindi rin nila ito maitatanggi, at hindi rin naman maitatanggi ng isang lalaki na bahagi ng Salita ng Diyos, o kaya' ng isang babae, na itanggi ang isa man bahagi ng Salita ng Diyos. Kung gayon, mga kababaihan, kapag iniisip ninyong maaari kayong magkaroon ng maoklong buhok at makapasok sa Presensiya ng Diyos, nagkakamali kayo. Nakikita nab a ninyo? Nagkakamali kayo. hindi kayo makalulusot sa Panala ng Diyos kung saa'y hinihugasan kayo ng tubig ng Salita. At saka kayo makapapasok sa pakikisama. Iniisip ninyong naroon na kayo, ngunit hindi kayo maaaring maparoon hangga't hindi kayo dumadaan sa Salita. At bawat mumunting dako, bawat mumunting Salita ng Diyos. . . "Hindi lamang sa tinapay nabubuhay ang tao kundi sa bawat Salita." Kailangan nitong dumaan sa pagsala, para makapasok. At nagbibigay iyon ng panlasa ng isang taong matuwid, pagkat iyon ang hanap niya, naghahanap siya ng isang bagay na lilinis sa kanya.

48 Ang Salita, ang Salita ng Diyos ang siyang Panala ng taong nag-iisip; at lumilikha Ito ng panlasa ng isang taong matuwid. Alam nating totoo iyan. Sinasalita nito ang lahat ng kasalanan ng di-pananampalataya, wala nang dipagsampalataya, kapag dumaan ka sa Panalang iyan, sapagkat osa itong panlasa ng tunay na mananampalataya.

Nais ng tunay na mananampalataya na maging tama siya sa anumang paraan. Ayaw niyang basta lang sabihin na, "Buweno, kabilang ako sa mataas na hanay ng lipunan. Kabilang ako sa iglesia, sa pinakamalaking iglesia sa bayan." Hindi mahalaga sa akin kung ito ma'y isang misyon sa isang sulok, o kung isa itong kubo sa tabing dagat kung saan, nalalaman ng taong nag-iisip na kailangan niyang makatagpo ang Diyos. At anuman ang sabihin ng iglesia o ninuman, kailangan niyang lumapit sa kundisyon ng Diyos. At ang kundisyon ng Diyos ay ang Kaniyang Salita. "Buweno," ang sabi nila, "ang Salita ng Diyos. . ." Oo nga, lahat sila'y naniniwala na Salita Iyon ng Diyos, ngunit makalusot kaya kayo Roon? Paano ninyong mapalulusot ang isang babaeng maikli ang buhok doon? Paanong mangyayari iyon? Paano ninyong papayagang makalusot doon ang isang lalaking nais na manghawakan sa doktrinang ito? kita n'yo? Hindi iyan ang panlasa ng isang taong nag-iisip. Hindi. Ang isang lalaking nag-iisip ay magiisip—ang isang lalaking nag-iisip ay makalawang ulit munang mag-iisip bago siya lumundag sa gayong bagay.

49 Pansinin na hindi maitatanggi ng salita ang Salita Nito. Kung gayon nabibigyan ito ng kasiyahan—o nasa pagnanasa iyon? Ano Ba ang dahilan at

ninanasa mo Ito, unang-una? Sapagkat sa kaibuturan ng iyong kaluluwa may isang predistinadong binhi na dili't iba kundi ang Buhay na Walang Hangang na noon pa ma'y nakahimlay na doon—dati nang naroon." Lahat ng ipinagkakaloob sa Akin ng Ama ay magsisilapit sa Akin. Walang mapapahamak isa man sa kanila.

"Panlasa ng taong nagiisip…" kapag narinig ng taong nag-iisip ang Salita ng Diyos," Dinirinig ng Aking mga tupa ang Aking Tinig, sa ibay hindi sila magsisisunod," sapagkat doon sa kaloob- looban ay may buhay, at ang buhay ay kumakabit sa Buhay. Ang kasalana'y kumakabit sa kasalanan, at napaka iprokrito ng kasalanan hanggang sa iniisip nitong ligtas siyang samantalang hindi naman. Nasa pinaka kalaliman ito ng pagpapaimbabaw. 110 Gusto ng mga miyembro ng iglesia ang isang makadenominasyong panalanang sa gano'n ay makamit nila ang sarili nilang pagnanasa at pagkatapos ay ituring pa rin silang mga relihiyoso. Naririnig niyong sinisabi nila, "Oh, napakarelihiyoso nila."

50 Nasa Africa ako minsan isang araw, at nag-uusap sila tungkol dito sa mga ilang kabataan ang nag-uusap tungkol sa mga kantang rock-ang-roll na kinakanta ni Elvis Presley at ng iba pa sa kanila, ni Pat Boone, at ng kung sino pa, ni Ricky Nelson, at lahat ng iba pa. Ang sabi ko, "Isang lupon sila ng mga taksil." May munting batang babae na nagsabi, "Aba, napakarelihiyoso niya."

Ang sabi ko,"Relihiyoso din si Judas." Ang sabi ko pa,"Tatlumpung pirasong pilak lang ang nakuha ni Judas; ang nakuha ni ni Elvis ay milyunmilyong dolyar. (Kita n'yo). Kapuwa nila ibinenta ang kanilang pagkapanganay." Kita n'yo? Ang sabi ko, "Wala silang kuwenta - sila ang pinakamalalang kasiraan ng ating bansa." Kasing daya ito ng Filter ng sigarilyo, pinapapasok ng mga denominasyong ito ang mga miyembrong iyon. Dapat nga ay magkaroon sila. . . Dapat ay magkaroon ng batas na magbabawal sa kanilang kumanta ng mga awiting makadiyos. Laban ito - dapat maging labag sa batas na gawin nila

iyon. Ngunit ang lahat ng ito'y naging isa nang malaking bungkos ng pagpapaimbabaw, at doon sila namamalagi ngayon. Ang tunay na Pana-. . .[patlang ng tape-Ed.] para sa kaluluwa ay nagsasabing, "Kung iniibig mo ang sanlibutan o ang nga bagay ng sanlibutan, ang pag-ibig ng Diyos ay wala sa iyo."

51 Kita n'yo, hindi mo maaaring sabihing—hindi mo maaring sabihin na ang rock-and-roll ay sa sanlibutan —o ito ay sa—sa Diyos. Ang rock-and-roll ay sa sanlibutan. Alin man sa sayaw na iyon ay sinalang - ang mga mahahalay, marurumi palang mga bagay, ay sa sanlibutan. Lahat ng ito ay sa sanlibutan. Hindi mo maaaring sabihin na ang maikling buhok ng babae ay sa Diyos. And sabi ng Biblia ay hindi ito sa Diyos, kaya't karumihan ito ng sanlibutan. At kung iniibig mo ang katiting man ng sanlibutan, ang pag-ibig ng Diyos ay wala sa iyo.

Kita n'yo, iyan ang . . . Buweno, ano ba ang humahatak . May isang bagy doon sa loob na humahatak. Hinahatak ng kaluluwa ang mga bagay-bagay mulasa labas papasok sa espiritu hanggang sa kaluluwa. At kung iniibig ng kaluluwa ang sanlibutan, patay ito. Kahit ganoon pa ang pagkapahid nito ditto sa labas, at gaano pa ito katuwid ditto sa labas, ditto sa loob ito'y patay. "sapagkat ang umiibig sa sanlibutan, wala sa kaniya ang pag-ibig ng Diyos." Ganoon man siya karelihiyoso. 115 Ang tunay na panala sa gayong paraan ay—ay…? ... lahat ng mga bagay na iyon panlabas at wala itong ibang inihahatid kundi ang pagiging totoo sa Diyos, ang Salita, sa tunay at tapat na kaluluwa.

52 Para silang si Esau, mabuti sa panlabas. Makadiyos si Esau sa panlabas. At pagdating sa relihiyon, parang mas relihiyoso siya kaysa kay Jacob. Parang mas mabuti siyang lalaki kaysa kay Jacob, ngunit ang kalooban niya, ang tunay na siya . . . Makadiyos siya sa panlabas, ngunit ang pag-iisip niya ay hindi nasala. Hindi tama ang pananaw niya sa pagkapanganay. Hi — hindi niya iniisip na ang Diyos — na ang pagkapanganay ay singhalaga ng sinabi ng Diyos. Hayun siya, ang sabi, "Nagugutom ako; ano ba ang halaga ng pagkapanganay na ito? Sa iyo na lang ito kung gusto mo." Ay, naku (Kita n'yo?), "Nagsisimba ako; kagaya mo rin akong mabuti. Ang denominasyon ko ay sadyang sing- . . . Aba, isa ito sa pinakamalaki sa buong mundo. Dating miyembro nito ang nanay ko; gano'n din ang tatay ko, lahat ng ganito, ganoon, at iba pa. Edukado ang pastor ko; silang ganito-at-ganito." Lalo lang siyang napalayo sa Diyos gawa niyan. Hindi iyan panala ng taong nag-iisip. Kung gayon nga, paanong nagkagayon si Pedro samantalang ni hindi siya marunong pumirma. Ngunit taglay niya ang Panala ng taong nag-iisip.

Pansinin. Ay, naku.

53 Ang akala ni Esau ay hindi ganoon kahalaga ang pagkapanganay gaya ng sinabi ng Diyos, na ito ay nangangahulugang ng buhay o kamatayan. Kaya't tulad nina Eva at ni Judas, ipinagbili nila ang kanilang pagkapanganay upang bigyang-kasiyahan ang panlasa ng kaalaman ng sibilisasyon. Diyan nga ipinagpalit ni Eva ang kaniyang pagkapanganay. Ipinagbili niya ito kapalit ng kaniyang tikim sa siyensiya, kaunting tikim sa makamundong kaalaman, mas magandang iglesia, mas magandang uri ng mga tao, ganito ang ibabansag dito ngayon. Kita n'yo? At ipinagbili ni Judas ang kaniyang pagkapanganay kapalit ang tatlumpung pirasong pilak upang kumita siya ng mas marami-raming dolyar. "Mas malaki ang pasuweldo sa akin ng kongregasyon ko rito, kaya't dito na lang ako mangangaral." Kita n'yo? "Kaya kapag nagging mangangaral ako, buweno . . ."

54 Ang sabi nila, "Brother Branham, naniniwala kaming katotohanan ang mansaheng iyan ngunit hindi namin iyan matatanggap. Pag ginawa namin iyan, aba, saan na kami mangangaral?" Ang buong mundo kapatid, iyan ang totoong parokya. Tiyak nga. "Buweno, walang kahit isang kapatiran ang susuporta sa akin." Hi — hindi ako umaasang susuportahan ako ng sinumang kapatiran. Si Jesus Cristo ang inaasahan kong susuporta sa akin, sapagkat pinanindigan Niya ito. Siya ang nagsabi nito. 119 At kapag ang tunay na pagkapanganay, ang Dugo, ay nasala na ng Salita, at lahat ng kasalanan, at ang sanlibutan, at ang simbahan, at mga denominasyon, pati na ang sektarianismo ay naiwan na sa labas. . . Ang edukasyon, sibilisasyon, simbahan, denominasyon, systema, lahat ng uri ng kasalanan ay naiiwan sa labas kapag tinanggap ng taong nag-iisip ang Panala ng taong nag-iisip sa panukat ng Diyos.

Walang anumang naiiwan kapag pinadaan ng isang tao ang ka—kaniyang buhay sa—Panala ng Diyos. Pansinin. Narito ang buhay mo na nagulo nang husto gawa ng kasalanan, naparito ka sa mundong nagsisinungalang. May sasabihin ako, katulad ng dating sinasabi ni Brother McCully. Making kayo sa akin

55 Nang dumating kayo dito sa mundo, ipinanganak kayo sa kasalanan. Ni wala kayong kapag-a-pag-asa nang dumating kayo. Ipinanganak kayo sa kasalanan, inanyuan sa katampalasanan, dumating kayo sa mundo nang nagsisinungaling, nasa kaibuturan ng inyong espirito ang pagnanasa ng kasalanan, gustung-gusto ninyong magkasala, sapagkat ipininganak kayo sa kasalanan. Wala kayong pag-asa. Ngunit sa kaloob-looban ninyo (Heto na kayo.) may isang bagay doon na nagsimulang humatak. Kung nalaman ninyo na ito ay isang bagay na nagsabi sa inyo na mayroong Diyos kung saan, at binasa ninyo ang Kaniyang Salita, pagkatapos ay ang tinanggap ninyo ay ang iglesia, at tinanggap ninyo ang kanilang kaisipan samantalang napagsabihan na kayo kung ano ang mas tama, at hindi ninyo ginamit ang Panala ng Diyos na isang Panala ng taong nag-iisip, sapagkat "lahat ng iba pang panala ay lilipas, ngunit ang sa Akin ay hindi". . . At kapag pinadaan ninyo ang inyong mga pagnanasa sa Panala ng Diyos, sa Panala ng

taong nag-iisip, walang matitira kundi ang Espiritu Santo.

Ngayon, kung nais ninyo ng ebidensiya ng Espirutu Santo, iyan na nga iyon. Kapag humanay ang kaluluwa mo sa Salita ng Diyos sa bawat paraan, ipinapakita nito na sinala mo ang buhay mo sa Pnala ng taong nag-iisip - ang Panala ng Diyos.

56 Pansinin, iyon ba ang panala ng Diyos? Sinabi niya na nahugasan tayo ng tubig ng Salita. At nang bigyan ng Diyos sina Adan at Eva ng Panala sa hardin ng Eden, ang Sabi Niya, "Huwag mong hatakin ang alin mang sa mga ito Roon."

Ngunit binutasan ito ni Satanas, ang sabi, "Oh, ito'y . . . Hindi naman masama kung kaunti lang."

Isang patak nga lang naman, iyon din ang kinakailangan upang maipasok ang kamatayan sa sangkatauhan. Iyon lang ang kaialangan, isang tikim lang ng nikoyina, pagkatapos ay wala na sila.

Wala nang matitira liban sa Espirutu Santo. At gayon din, ipinapakita nito na nasa kalooban mo ang itinalagang binhing iyon na siyang nagbubunsod sa inyo upang mauhaw kayo sa Diyos. "Lahat ng ipinagkaloob sa Akin ng Ama, lahat ng ipinagkaloob Niya upang tubusin Ko, sa pagkabuhay na mag-uli; lahat ng ipinagkaloob sa Akin ng Ama, ay lalapiy sa Akin. Sila'y mailalagay sa katawan (ito man ay paa, braso, ilong, bibig, o anuman). Silay mailalagay doon, lalapit silay sa Akin sa kanilang Kapanahunan."

Ay, naku.

57 Iyan ang tunay na panala. Lahat ng kasalanan ng sanlibutan ay patay na at iisang bagay lang ang hinahatak ng kaluluwang ito. Heto na huwag na ninyong alalahanin - huwag ninyo itong kalilimutan. Lahat ng nasa telepono, itanim ninyo ito sa inyong isipan. Kapag nagsimula nang isipin ng isang taong marunong mag-isip kung kanino siya haharap at kung ano ba ang Salita ng Diyos, kapag nagsimula na siyang mag-isip, at kapag humatak siya roon, walang makalulusot doon kundi ang Espiritu Santo. Ano iyon? Iyan ang panala, ang binhing Salita mula pa sa pasimula, na ikaw ay nasa Diyos na buhat pa noong pasimula, na nakatayo ka rito ngayong humahatak ng Buhay ng binhi. Ang binhi ay nasa puso mo sa pamamagitan ng paunangpagtatalaga. Aleluia. Ang binhi ay naroroon sa pamamagitan ng paunangkaalaman ng Diyos, itinalaga. At kapag ito ay humatak, hindi ito maaaring humatak sa anumang bagay maliban sa Salita. At kung gayon iyan na nga ang panlasa ng taong nag-iisip, ng taong matuwid, ng banal na tao na nakauunawa ng Biblia, na si Jesus Cristo ay tulad pa rin kahapon, ngayon, at magpakailan man. Ano ang pumapasok sa lugar na iyon? Ang Salitang nasa puso, "Iniingatan ko ang Salita Mo sa aking puso upang hindi ako magkasala sa Iyo." Ano ba iyon kapag humahatak ito sa pamamagitan ng Salita? Isang bagay lang ang lulusot sa Salita; iyon ay ang Espiritu Santo. Iyon lamang ang maaaring lumusot sa Salita, ang Espiritu Santo. At ang Panala ng taong nagiisip ay siyang nagbibigay ng panlasa ng taong banal.

58 Kung magkagayo'y natikman na niya ang mga makalangit na bagay. Taglay na niya ang Salita ng Diyos sa kanyang puso; nakikita niya Itong nahahayag sa narap niya. At ang buo niyang kaluluwa ay nababalutan Nito, at patay na ang sanlibutan at ang lahat ng bagay sa paligid niya.

Isang Panala ng relihiyon ng taong nag-iisip . . . At pinag-iisipan ko ngayon ang pnala ng relihiyon. Kapag ang isang Panala ng taong nag-iisip ay nagbigay ng panlasa ng isang taong banal (Kita n'yo?), binibigyan kasiyahan Nito ang kaniyang panlasa. Nakikita niyang pareho pa rin si Jesus Cristo kahapon, ngayon, at magpakailan man. Hayan na nga. Nakikita niya ang ginagawa Niya ang mga bagay na iyon na ginagawa Niya noon sa harapan natin mismo; binibigyang- kasiglahan nito ang panlasa ng taong banal, ng kaniyang pag-iisip.

Alam na niya kung gayon na siya'y lumipat na mula sa kamatayan patungo sa Buhay. At iniibig niya . . . At - at - at gusting-gusto nito na ang sanlibutan - na mapagtibay ang Salita at mabindika. Hinihintay niya Ito sa bawat kapanahunan, sapagkat siya ay banal na tao at may pagnanasa siyang makita ang Diyos. Ang mga iba ay nagnanais lang sumapi sa iglesia. Ang lalaking ito ay nagnanais na makita ang Diyos. Hindi na Siya nakikita sa isang bungkos ng mga kredo. Hindi na Siya nakikita sa malalaki at magandang pipe organs, o kaya'y sa mga katedral, at matataas na krus, o sa mga hasang iskolar na nakabaligtad ang mga kuwelyo. Hindi na Siya nakikita sa - sa isang teologo; nakikita na Siya sa pagpapatibay ng Kanyang Salita. Nakatagpo ko Siya sa mga . . . Kaluwalhatian ng Pangnoo'y akin nang napagmasdan; Gagawaran Niya ng Hatol ang mga nagsitanggi; Pawawalan Niya ang kidlat Na Salita Niyang kaytalas; Katotohana'y susulong.(Magpapatuloy ngayon hanggang sa wkas. Opo.)

59 Nakikita ba ninyo kung anong ibig kong sabihin? Isang taong panala - o panala ng taong nag-iisip. Ang tao na nagnanasang tumayo sa presensiya ng Diyos . . . Ano ba ang Panala Diyos noon? Ang Kanyang Salita. "Sa araw na kumain ka niyon, sa araw din iyon ay mamamatay ka." Hindi mahalaga sa akin kung anong nagaganap dito sa labas; huwag mong lalampasan ang Salitang iyan. Nahugasan ng tubig ng Salita. Panala ng taong nag-iisip; hindi ng isang denominasyon, hindi isang kredo, hindi isang iglesia, hindi isang katedral, kundi isang panala ng taong nag-iisip. Sapagkat hahatulan ka ng Salita.

Iisipin iyan ng isang taong nag-iisip. Ang isang taong mangmang o ang panlasa ng sanlibutan ay sadyang tatanggap na kahit na anong bagay, ng isang pamalit. Bakit kailangan ng pamalit samantalang mayroon namang tunay.

60 Isipin n'yo. Isipin n'yo lang itong sumandali. Ang isang babaeng nagsasalita ng iba't- ibang wika na maikli buhok at naka-lipstick, at pagkatapos ay panghahawakan pa rin iyon ng iglesia bilang ang katibayan ng Espiritu Santo.

O isang mangangaral na galling sa seminary o sa isang Bible school na gumagamit ng bautismo ng Trinitarian o kinokompromiso Salita sa isang kredo o denominasyon, iyon ba ang Panala ng isang taong nag-iisp? Sa tingin ko'y hindi, kapatid. Hangal ang taong hihigop diyan. Tama. Kaya ba ninyong isipan 'yan? Sa halip gamitin ang Salita ng Diyos bilang Panala ng kanyang kaluluwa, hinahayaan niya ang matandang kredong iyon at denominasyon na magpatung-patong sa harap niya nang ganoon, sa halip na kunin ang Salita ng Diyos upang gawing Panala . . . At lubha na siyang nahawahan at hinayaan niyang turukan nila siya ng mga doktrina ng tao, gumagawa ng mga bagay-bagay, halos dayain pati ang pinaka hirang at pinababayaan ng Salita samantalang maaari siyang humigop patungo sa kaniyang kaluluwa, kung mayroon doong anumang bagay na humihigop. Ngunit kung itinalagang binhing iyon (Huwag ninyo ito palampasin.)—kung wala roon ang itinalagang binhing iyon, hindi ito makahihigop doon. Sapagkat hihigupin lang nito kung ano ang nasa nito.

61 Kung nais ng isang lalaking naninigarilyo ang panlsa ng isang lalaking naninigarilyo, at kung makakahawak siya ng isang stick. . . Sasabihin ko, "Sipsipin mo ang daliri mo." At tatayo siya roong sinisipsip ang daliri niya, aba'y sasabihin niya, "Kahangalan ito." Bakit? Ang panalsa niya ay para sa nikotina. Kaya't hindi siya isang isang taong nag-iisip. Kita n'yo?

Ngunit sasabihin mo, "Buweno, wa—wala akong anumang malasahan . . . Nais kong matikman ang sanlibutan. Na—nais kong matikman ang tabako; wala ako ng anumang nalalasahan." Bigyan mo siya ng perdible at siya mong ipasipsip sa kaniya. Kita n'yo? Siya nga, hayaan mong sipsipin niya iyon.

Kapag sinabi niyang, "Wala akong nalalasahan." Kung gayo'y bakit mo sinisipsip? May pagnanasa kang malasahan ang nikotina. At kapag sumipsip kayo sa kredo ng isang simbahan at maiikli pa rin ang buhok ninyong mga kababaihan, at seksi pa rin kung manumit, at kayo namangmga kalalakihan ay tumingin sa kanila at sa lahat ng iba pang mga bagay na ito at nagwawala kayong ganiyan, ano nga ba ito? Ano'ng naroroon? Naroon pa rin ang sanlibutan, at may nakuha kang isang panlasa; humihigop ka rito gawa ng isang panlasa.

62 "Maaari akong magsimba sa iglesiang ito; hindi nila binabanggit ang bagay na iyon. Wala silang sinasabi tungkol sa ganito, wala silang sinabi tungkol sa ganiyan. Alin man sa mga bagay na ito ay hindi nailalabas. Mas malawak kung mag-isip ang mangangaral namin kaysa riyan. Hindi kami nagsasabi ng ganiyng mga bagay." Ano ito? Taglay mo ang panlasa ng sanlibutan na siyng dahilan ng iyong pagsipsip. Tama.

Ngunit ang isang babaeng nag-iisip ay hindi tatanggap ng ganiyan. Alam niyang kailangan niyang maging banal. At ang tanging mahahatak mo sa Salita ng Diyos ay ang Espiritu, ang Kapangyarihang nagbibigay-buhay, upang buhayin ang Mismong Slita na nasa iyo upang ipamalas si Jesus Cristo sa kapanahunang kinabubuhay mo. Aleluia. Kapatid, kung hindi iyan ang katotohanan, hindi ko alam kung ano ang katotohanan. Wala na ako sa katinuan ko kung hindi iyan totoo.

Ang Mismong Salita na nasa puso mo, na itinalaga roon, ang siyang humahatak. At iniluluwa nito ang sanlibutan; ayaw ito nito. Ngunit pagdating dito sa Salita, nagsisimula itong humigop. At kapag humigop ito sa pamamagitan ng Salita, wala nang ibang mahihigop maliban sa Espiritu Santo na siyang magbibigay-buhay sa Salita.

63 At ang Panala ng isang taong nag-iisip at makadiyos ay ang Salita, at binibigyang-kasiglahan nito ang banal na panlasang nasa puso niya : "Panala ng taong nag-iisip, panlasa ng taong banal." Ay, naku, ano itong kinaroroonan naitn.

Sa halip na gamitin ng Panala ng Diyos para sa kaniyang kaluluwa, hinahayaan niyang dayain siya ni Satanas sa pamamagitan ng denominasyon o kredo, katulad na katulad ng pandarayang ginagawa ng mga kumpanya ng tabako sa mga taong nagsisigarilyo. Nakakakuha lang kayo ng mas maraming miyembro, at iyon lang 'yon.

Oh, nais kong magtapos sa loob ng mga ilang minuto, sasabihin ko sa inyo ito.

64 Bulag na Laodicea, gaano na ba ang pagkabulag ninyo. Bulag na Laodicea, ang—pinangungunahan ang mga bulag ng kapanahunang ito sa ilalim ng pagkukunwari, sa ilalim ng huwad na mga kredo, sa ilalim ng mga huwad na dogma, sa ilalim ng huwad na denominasyon, sa ilalim ng mga huwad na aklat ng kredo. Oh, bulag na Laodicea, na umaakay sa mga bulag, patungo na kayong lahat sa hukay. 143 Palitan mo ang panala mo ngayong gabi, mangangaral. Huwag mong hithitin ang makadenominasyong nikotinang

iyan ng mga dogma at kredo papasok sa iyong katawan, at ang sabi ni Jesus, "Sinumang magdagdag ng isang salita Rito o magbawas ng isangsalita mula Rito . . ." Kapag sinabi mo sa iyong kongregasyon na tamang gawin iyan ng mga lalaki, at lahat ng mga bagay na ito, ang gayon, at ang iba pa, basta't manatili lang silang tapat sa ganito, at gawin nila ang ganoon, at sundin nila ang mga kredong ito at iba pang mga bagay, hindi ka ba nahihiya sa sarili mo?

"Mga bulag na Fariseo,"

65 ang sabi ni Jesus. Tulad ng isinigaw ni Jesus, "Mga bulag na Fariseo," ang Espiritu Santo sa aking puso sa gabing ito ay sumisigaw, "Bulag na Laodicea, gaano kadalas na inibig ng Diyos na bigyan ka ng revival, ngunit ngayon ang oras mo'y dumating na. masyado nang huli ngayon. Gaano mo tinawanan at pinagtawanan ang mga tao na sinugo ng Diyos sa iyo? Ngunit ngayon ay dumating na ang oras mo. Oh, Estados Unidos, gaano inibig ng Diyos na limliman ka tulad ng ginawa ng inahing manok sa kaniyang mga sisiw, ngunit ayaw mo." Ngayon, ang Tinig na ito ay maririnig mula sa isang baybayin dagat tungo sa kabila, mula sa hilaga hanggang sa timog, at mula sa Silangan hanggang sa kanluran. Ibig ng Diyos na limliman ka, ngunit ayaw mo. Ngayon, dumating na ang oras mo.

Ang mga bansa'y nangawawasak na; ang mundo'y nasisira na. Labinlimang daang milyang tipak nito, tatlo o apat na raang milya ang lapad, ang lulubog ng sandaan - o marahil apatnapung milya pabulusok doon sa malaking guwang na iyon isa sa mga araw na ito, at ang mga alon ay aabot hanggang sa bayan ng Kentucky. At kapag nangyari iyan, yayanigin nito nang husto ang lupa na lahat ng mga nasa ibabaw nito ay guguho. 146 Oh, itago mo ako sa Baton ng MgaKapanahunan. Diyos hayaan Mo ako - hayaan Mo akong . . . Hingahan Mo ako, Panginoon. Espirutu ng Buhay na Diyos, hingahan Mo ako. Hayaan Mong kunin ko ang Panala ng Diyos at mamuhay ako sa silong nito, Panginoon. Hayaan Mong langhapin ko ang sariwang hangin ng Espirutu Santo papasok sa aking mga baga,sa aking kaluluwa bawat araw, upang hindi ako magkasala laban sa Iyo, O Panginoon. Hingahan Mo ako, Espiritu Santo; hingahan Mo ako. Aking . . .

66 Itulot Mo maitanim ko ang Salita ng Diyos sa aking puso at doon ay magalingin ko hindi bumaling sa kanan o sa kaliwa Nito, bagkus ay mamuhay akong nagtatapat Dito sa buong buhay ko. O Amang Diyos, kung gayo'y isugo Mo sa akin ang Espiritu Santo ng Buhay upang magbigyang-buhay ang mga Salitang ito sa akin, nang sa gayon ay maipamalas ko si Jesus Cristo sa harapan ng mga taong nasa harapan ko upang—na nag-aabang na ito'y mangyari. Iyan ang panalangin ko.

Ay, naku. Pansinin kung paano ang ginagawa nilang ngayon sa mga iglesiang iyon. Hinihigop ang mga tao sa mga panalang makadenominasyon papasok sa konsehong ekumenikal. Bakit? Bakit? Sapagkat ibinigay nito ang nasa ng puso nila: ang organisasyon. May panlasa sila para sa organisasyon. Gagawain nila ito.

Sa tuwing magsusugo ang Diyos sa kanila ng revival, at sila'y. . . Ano'ng ginawa nila? Inorganisa nila ito. Tama ba? Kaya't nakuha nila ang uri ng panalang nais nila, sapagkat matindi ang kanilang panlasa. At ngayon ay ibibigay ng Diyos sa kanila ang hangad ng kainlanmg panlasa. Ibibigay Niya iyon sa kanila . . . Hinihigop na nila sila papasok sa konsehong ekuminikal, at kung magkagayo'y makukuha na nila ang panlasang maka-organisasyon, makukuha na nila iyon.

67 Oh, iglesia ng Laodicea, huwag kang padaya sa kanilang mga pandaraya sa panahong ito. O Pentecost, sa inyo na mga nagsipasok na sa Laodicea, kayo na nagging bahagi na ng Laodicea, ang iglesiang namatay sa pamamagitan ng Metodista, Baptist, at Presbyterian, na mistulang isa na lamang anyo ng rituwal . . . Ngunit kayong mga Pentecostal na nakapagsasabi pa rin paminsanminsan ng, "Amen", nagtutugtugan sa entablado at nakapagpapaindak ng mga kababaihang maikli ang buhok sa lahat ng dako, at naniniwala pa rin sa pagpapagaling ng Diyos, gaano kadalas na inibig ng Diyos na kunin kayo, ngunit kumuha na kayo ng ibang panala, isang panalang makadenominasyon. Gaano kadalas na inibig ng diyos na kunin kayo.

Napakadaya nito. Mateo 24:24, sinabi ni Jesus na ang—dadayain nito ang pinaka Hirang kung maaari lang. Napakalapit ninyo, tulad din ni Eva na lumihis sa isa o dalawang maliliit na bagay nba ayaw niyang tanggapin dahil organisado na kayo at hindi ninyo ito magawang tanggapin. Sapat na iyan. Makabubuting tanggapin ninyo ang kabuuan nito, sapagkat ang pagsalansang sa pinakamaliit, ay pagkakasala sa kabuuan nito. Oh.

68 Pentecost, Pentecost, idaan mo ang iyong pag-iisip sa Panala ng Diyos, huwag sa iyong makadenominasyong pangarap, at lalabas kung may panlasa ng isang taong banal, taglay ang tunay na bautismo sa Epiritu Santo.

Maiisip ba ninyo na hahayaan ng isang lalaki ang kaniyang asawa na maggupit ng kaniyang buhok, magsuot ng short, o magpantalon, at pagkatapos ay sasabihing dumaraan siya sa panala ng isang taong nag-iisip. Maiisip ba ninyong gagawa ng ganiyan ang isang tao.

Maiisip ba ninyo na ang isang mangangaral na tumatayo sa pulpito, dahil sa pinsusuweldo siya ng malaki ng isang kongregasyon na tumatapik sa likod niys, na ang tawag sa kaniya ay "Duktor, Brother, Reverend," at inilalabas siya sa lahat ng uri ng kasiyahan kung saa'y sama-samang naliligo ang mga lalaki't babae at lahat ng iba pa sa mga aplaya, maiisip mo bang ganiyan ang isang lalaking nagsasabing dumaraan siya sa Panala ng isang taong nag-iisip?

At ilan sa mga kababaihan na nasa entablado na ang laylayan ng damit ay nasa itaas ng kanilang mga tuhod at napakasikip nang pagkakatabas, at nakikita tuloy ang lahat ng hugis, sa bawat paggalaw nila, at naaaninag ang kanilang panloob na kasuotan sa kanilang mga damit, na sing sama rin ng pagsusuot ng shorts, ng bikini, o ng iba pa. Kayong mga Pentecostal, bulag na mangangaral ng Laodicea, gaano katagal kayo titiisin ng Diyos? Hindi ko alam. Mahabag nawa ang Diyos sa inyong—sa mga bulag ninyong mga mata. Mayroon Siyang pampahid sa mata ngayong gabi upang buksan ang inyong mata nang sa gayon ay makakita kayo.

69 Katulad ng sinabi ko kaninang umaga na nasa kapanahunan na tayo ng paningin, sa tuktok. Wala ng bahagi ng katawan sa itaas nito ay maaari mong pagalawin upng makaalam ka. Ikaw . . . Sa ilong mo ay nakakaamoy ka, sa bibig mo ay nakapagsasalita ka, sa iyong mga kamay nakararamdam ka at nakaaabot, at ang mga paa mo at iba pa, ngunit hindi ka na maklalampas pa sa iyong mga mata.

Ang Malakias 4 ay dumating na. Tama. Magliliwanag sa panahon ng gabi. Oh, lumakad kayo sa liwanag. Tayo ng lumakad; Sa Kaniyang Liwanag Kung saan ay ang hamog ng biyaya'y sapat, Magliliwanag sa gabi at araw Si Jesus (ang Salita) ang ilaw ng daigdig. 158 Opo. Dumaan ka roon, oh, kapatid, at lalabas kang isang—na may panlasa ng isang taong banal taglay ang Espiritu Santo.

70 Oh, babae, lampas an mo ang makabagong takbo ng isip mo tungkol sa iyong pananamit, lampasan mo ang makabagong takbo ng isip mo . . . bago ka lumabas sa kalsada sa harap ng mga kalalakihan . . . Kayong mga kabataang babae, kayong mga nakakatatandang babae, bago kayo lumabas doon sa kalsada nang pitis ang damit nakausli ang inyong likuran at harapan . . . Hindi ako mapamula; kapatid ninyo ako. Nakatayo ako sa pagitan ng mga buhay at mga patay at napagtatanto ko kung anong sinasabi ko. Bago kayo lumabas— at alam ninyong ang inyong katawan ay sagrado, isang sagradong sisidlan na ibinigay ng Diyos sa inyo—bago kayo pumaroon sa kalsada na ganiyan ang suot, padaanin muna ninyoang pag-iisip ninyo sa Panala ng isang babaeng nag-iisip. At alalahanin na kapag tiningnan kayo ng sinuman nang may pagnanasa, kasama niya kayong nagkakasal ng pangangalunya. Alalahanin mo iyan, kapatid na babae. 160 At, kapatid na lalaki, bago ka lumingon sa kaniya sa pangalawang pagkakataon, padaain mo ang iyong pag-iisip sa Panala ng isang taong nagiisip; lalabas kang may panlasa ng isang taong banal (Kita n'yo?) sa paggawa ng tama.

71 Pansinin, kung padadaanin mo ang pag-iisip mo sa Panala ng isang babaeng nag-iisip, lalabas kang nakasuot ng damit ng isang babal. Tama. Lalabas ka, kapatid na lalaki, ang ayos mo'y ayos ng isang lalaking banal. Ngayon, isa pa lang iyan. Lahat ng gagawin mo, padaanin mo ito sa Panala ng Diyos, tingnan mo kung tama o mali.

Lalabas kang ang suot ay dami ng isang banal, mahaba ang buhok nakadamit na disente, may tahimik at mapagkumbabang espiritu, hindi palaaway, nkikipagtungayaw at nagwawala. Isang tahimik, maamong espirutu ng isang dakilang kayamanang mula sa Diyos . . . Gayon nga ang sabi ng Biblia. Ngayon, nais akong itanong sa mga lupain . . . Magtatapos na tayo sa loob lamang ng ilang sandali.

72 Ngayon, suriin natin lahat sa gabing ito an gating mga pagnanasa, at kung magkagayo'y makikita ninyo kung anong uri ng panala ang ginagamit ninyo. Suriin natin, bawat isa sa atin, dito at sa buong bansa. Suriin ninyo ang inyong mga pagnanasa, kung ano ba talaga ang ninanasa ninyo sa buhay. Suriin ninyo kung ano ang inyong ipinaglalaban. Suriin niyo kung bakit kayo naririto. Suriin ninyo kung bakit kayo nagsisimba. Anong nagbubunsod sa inyo . . . Mabuti ang magsimba, ngunit huwag—huwag lang kayo magsimba; hindi ka maliligtas niyan. Kita n'yo? Suriin lang ninyo nang ilang sandali. Sabihin n'yo, "Ang layuni ko ba'y . . . Anong—anong uri ba ng panala ang ginagamit ko? At kung hindi ka makasunod sa Salita ng Diyos, at hindi ito magawa ng kaluluwa mo, kung gayo'y ay may mali, sapagkat pinakikita niyan ang inyong panlasa, na ang buhay - kung anong uri ng buhay ang nasa iyo. Kung ito'y banal, mahinahon, kagalang-galang, ganon iyon lalabas. Kung hindi gayon may iba kang panlasa himihigop sa iyong kalooban. Tama talaga 'yan. At kung ang panlasa mo ay ang Salita ng Diyos at ang kalooban ng Diyos, kung gayo'y alam mo kung anong nasa iyo, kung anong humihigop sa panlasang iyon. Nagpapakitang bahagi ka ng ng Salitang iyon. Ang Salitang iyon ay nasa iyo na siyang humihigop sa Salita.

73 Ano ang hinihigop nito? Hinihigop nito ang Salita, sapagkat bahagi ka ng Katawan ni Cristo sa kapanahunang ito. At kung ang Salitang iyon ay nasa iyo, tanging ang Espiritu lamang ang maaaring Nitong higupin sa pamamagitan ng Salita na siyang nagbibigay-buhay sa Salitang iyan na nasa iyo. Kung Salita lang, hi—hindi Ito mabubuhay. Kaya, "Lahat ng ibinigay sa Akin ng Ama ay magsisilapit sa Akin, at kapag Ako'y naiangat na, palalapitin Ko lahat ng tao sa Akin." Kita n'yo, kita n'yo? Ang Ama . . .

Ang bahgi ng katawan ni Cristo na nasa sanlibutan, naitalaga, nailagay sa puso . . . Nalalaman ng

sinuman totoong Cristiano, na muling isinilang sa araw na ito, na mula pa sa kaniyang pagkabata ay mayroon nang isang bagay sa kalooban mo na nauuhaw sa Diyos. At sinubukan mong sumapi sa mga iglesia at lahat na; hindi ito nakasapat. Ano iyon? Ang Salita iyon. Naghahanap ka ng isang Panala, at isang araw Ito ay nagliwanag sa harapan mo; nakita mong si Jesus ay siya pa rin ang kahapon, ngayon, at magpakailan man. Binigyankasiyahan Nito ang panlasang iyon. Kita n'yo? Pagkat humahatak ang buhay na nasa iyo. Kita n'yo ang buhay na nasa iyo humahatak; ito'y—ito'y nakatuon sa kung anong pagnanasang mayroon ka rito. Oka'y humahatak . . . Hindi ka maaaring humatak dito, at doon, at sa iba pa; kailangan mong Makita ang tamang Panala, pagkat ika'y isang taong nag-iisip. Kita n'yo 166 Kung isa kang taong marunong mag-isip, ikaw ay itinalaga na, o sinala nab ago pa - mula sa - bago pa itatag ang sanlibutan.

74 At kung maririnig ito ng isang ministro sa denominasyon, nawa ay kunin niya ang Panala ng taong nag-iisip, kung isa siyang ministro sa denominasyon. Kung magkagayo'y itatapon niya ang makadenominasyong paketeng iyon na tiyak na maglalaho, sapagkat salita ito ng tao, at tatanggapin niya ang sinalang Salita ng Diyos na hindi kailan man maaaring mabigo o maglaho, at Ito'y tutugma sa panlasa ng taong banal. At tulad ni Jacob, isasakripisyo niya ang buong sanlibutan at ang mga panlasa ng bawat denominasyon o ang katanyagan sa sanlibutan, kung saa'y maaari kang maging Obispo, cardinal, o kaya'y maaari kang maging isang pambansang presbyter, o pastor ng isang malaking iglesia, isasakripisyo mo ang lahat; hindi tulad ni Esau na nagnasang maging bahagi ng sanlibutan, kundi tulad ni Jacob, ibibigay mo ang lahat na nasa iyo upang makuha mo ang pagkapanganay, ang Panala ng taong nag-iisip; pagkat pagkakalooban ka Nito ng panlasa ng taong banal. At makakapag-bigay ito ng kasiyahan. At kasiya-siya ito at ito'y magpapabanal kalakip ng Walang Hanggang panlasa ng banal na kabutihan ng Diyos.

75 Alalahanin, si Satanas ang unang bumutas sa isip ni Eva—o sa kaniyang pag-iisip, upang makalusot ang kanyang karunungan at kaalamanan. 169 Ngayon, isipin ninyo ito; magtatapos na ako. Si Satanas ang unang bumutas, sapagkat noon ang tanging nahihigop niya ay ang Salita. Iyon ay ang Espiritu sa pamamagitan ng Salita ng Diyos, pagkat ang sabi niya, "Habang humihitit ka sa Panalang ito, hindi ka kailanman mamamatay; ngunit kapag humitit ka dito sa labas, mamamatay ka." Kita n'yo?

At ang sabi ni Satanas, "Ngunit dito'y wala kang alam, ngunit kung titikim ka nang kaunti nito ay malalaman mo; magiging katulad ka ng Diyos. Kita mo, alam niya ang tama at mali, hindi mo ito alam. At kung titikim ka lang nang kaunti . . ." At pinayagan siyang butasan niya ito, isa lamang maliit na butas.

Ngayon, nkikita na ninyo kung bakit ko sinasabing. . . Sasabihin n'yo, "Bakit hindi mo turuan ang kananaihan at iba pa kung paano silang makakatanggap ng mga kaloob at ng iba pang mga bagay na gaya nito?"

Ang sabi ko," Paano mo silang matuturuan ng Algebra samantalang hind pa nga sila natututo ng a-b-c? Isang maliit na butas lang ang kinakailangan. Tinanggap niya ang karunungan ng sanlibutan; at nang mangyari iyon, pinapasok nito ang kamatayan sa buong pamilya, sa pagnanasang makatikim ng karunungan.

76 Ngayon, tingnan ninyo ang panala, at tunay ngang hinayag nito ang kaniyang panlasa. Ang panlasa niya ay makasanlibutan, iyon ang nasa kaniya. Ganiyan din ang nangyayari ngayon: iniibig nila ang sanlibutan at ang mga bagay ng sanlibutan na may anyo ng kabanalan, datapuwat tinatanggihan ang kapangyarihan nito. Kitan'yo? Hahayaan sila ni Satanas na magsalita ng iba't-ibang wika, hahayaan niya silang sumigaw, hahayaan niya silang magdaos ng mga gawaing pagpapagaling, hahayaan niya silang gumawa ng mga bagay na ito

Ang sabi Niya,"Maraming magsisilapit sa Akin sa araw na iyon at magsasabi, "Panginoon, hindi baga nangagpalayas kami ng mga demonyo, hindi baga gumagawa kami ng maraming mga bagay, gumawa kami ng ganito?"" Sasabihin Niya,"Ni hindi Ko kayo nakikilala, kayong mga manggagawa ng katampalasanan." Kapag nailagay ang Salita sa harapan mo at pagkatapos ay humihitit ka pa rin sa panalang iyon ng sanlibutan(kita n'yo?), ipinapakita nito kung ano ang panlasa na nasa puso mo.

77 Hindi maaaring kumain ng bulok na bangkay ang mga kalapati. Hindi nila magagawang kainin ito. Wala silang apdo. Magagawa ng uwak na kumain ng binhi tulad ng kalapati at magagawa rin nitong kumain ng bulok na bangkay gaya ng ginagawa ng uwak(Kita n'yo), sapagkat isa siyang ipokrito. Ngunit ang pagkakalikha sa kalapati ay hindi tulad sa anumang iba pang ibon, at iyon ang dahilan kaya kinatawan ng Diyos ang Kanyang Sarili sa isang kalapating bumababa mula sa langit. Kita n'yo? Hindi nito - hindi nito matagalan ang mabahong amoy ng bulok na bangkay. Hindi siya buwitre. Ang dahilan, wala itong apdo. Hindi niya iyon kayang tunawin. Mamamatay siya, kung kakainin niya yon. At hindi kailan man kailangang maligo ng isang kalapati. A katawan ng kalapati ay naglalabas ng langis mula sa kalooban nito na siyang nagpapanatili ditong malinis. Isa itong buhay na nasa loob ng kalapati; lumilikha ito ng langis na siyang nagpapanatiling malinis sa balahibo nito. At gayon din ang Cristiano, may Buhay sa kalooban nila na nagpapanatili sa kanilang malinis. Nasasala ito.

Oh, pansinin. Ngayon, tingnan n'yo ang—ang panalang iyon tiyak na makikita n'yo ang panlasa ng ginagawa nila sa araw na ito.

78 Tingnan n'yo ang makabagong iglesiang ito. Tingnan ninyo ang kanilang panala. Makikita ninyo kung ano'ng ibig nila. tingnan ninyo kung ano'ng taglay nila. ang pag-ibig . . . Ano ba ang ibig nila? Si Bb. Laodicea na patungo na sa kahatulan ng Diyos. Tama. Ang pag-ibig ng iglesia ngayon ay para sa Laodicea, sa isang malaking organisasyon, sa isang malaking—isang malaki, tanyag na bagay, mga taong magandang manumit, mataas ang pinagaralan, puspos ng karunungan, puspos ng demonyo, sa nagpapanggap na iglesia ni Cristo. Isang salita na lang ang dapat nailagay doon, "anticristo," sapagkat laban sila sa halos lahat ng itinuro ni Cristo. Tama. Sapat lang para masabi nilang gayon nga sila. 178 Ngayon, kung kayo ay mga taong marunong mag-iisipnagayong gabi, dito at diyansa lupain kung saan ay naririnig ang Mensaheng ito, ang pagnanasa ninyo ay aayon sa Biblia, hindi sa isang denominasyon, sapagkat kayo ay hahatulan sa pamamagitan ng Biblia, ng Salitang hinihiling kong gawin ninyong panala ng inyong kaluluwa. At kung tatanggihan mo ang isang Salita Nito at hindi mo padadaanin ang iyong kaluluwa sa isang Salitang iyon, itatakwil ka; sapagkat ang tao ay hindi nabubuhay, humihinga, sa tinapay lamang, kundi sa bawat Salita na namumutawi sa bibig ng Diyos.

At nakatalagang dalhin ito sa iyo, at kapag hiningahan ka ng Panginoon, bibigyang-buhay ng Kaniyang Espiritu ang Salitang iyon upang magkatotoo ito, at magpakailan man. Ay, naku.

79 Iwanan mo ang denominasyon ng sanlibutan, ang makarelihiyong pakete. Hayaan mong malapag iyon tulad ng pakete mg sigarilyong iyon sa kagubatan. Hayaan mong mabulok ito at masira (I—isa itong maling panala.), at kunin mo ang Salita na siyang Cristo na nagbibigay at umaabot, at nagpapanatili ng panlasa ng Buhay na Walang Hanggan sa bawat magsisitanggap: Buhay na Wlang Hanggan.

Ang Salita, kung ikaw ay nakatalaga, makikita mo Ito. Walang paraan para itago Ito sa iyo. Titingin ka roon at sasabihin mo, "Aba, napakalinaw nito sa aking harapan: titingnan ko Iyon; hayun na nga. Nakatingin ako Roon ngayon. Nakikita ko Iyon. Narito't ang Salita Iyon, bawat salita, sadyang naipapamuhay ang bawat salita." Pagkatapos may ninanasa kang panlasa ng buhay ng Walang Hanggan. At kapag humithit ka roon. . . Ano ang maaaring lumabas doon sa Panala ng Diyos? Walang iba kundi ang Espiritu, walang anumang bagay ng sanlibutan, walang anumang kawalan ng pananampalataya. Panala iyon ng Diyos. At kapag humithit ka roon, walang maaaring lumusot doon kundi ang Espiritu Santo.

80 Ngayon, nasa iyo ang katunayan ng Espiritu Santo. Kita n'yo? Ang panlasa ng isang lalaking o babaeng banal, ang nais nila'y ang mabuhay, mayroon silang Buhay ng Walang Hanggan. At dahil nabigyang-buhay ang Salita ito sa kanila, sila'y nabubuhay. Ang Panala ng isang taong nag-iisip at panlasa ng isang taong banal. . .

Huwag ninyo tatanggapin ang sanlibutan tulad ng mga kumpanya ng sigarilyo na nandaraya, bagkus ay tanggapin ang tunay na Panala ng isang taong nag-iisip. Salain ninyo ang hiningang hinihinga ninyo, ang pagkain kinakain ninyo. Lahat ng nasa inyo, padaluyin ninyo sa Salita ng Diyos, at magkakaroon kayo ng panlasa ng isang taong banal; sapagkat ito ang ibubunga Nito, sapagkat hindi pa rin siya nagbabago kahapon, ngayon, at magpakailanman. 184 At alam ko, kung ganito nga tayo o hindi, naniniwala ako na ganito nga tayo… Ngunit sakaling hindi, mayroon at mayroong tao sa mundo sa araw na ito na magiging bahagi ng Katawan ni Cristo; at Ito'y mabubuhaylamang sa pamamagitan ng Salita ng Diyos, bawat Salita na namumutawi sa bibig ng Diyos para sa kapanahunang ito na kinabubuhayan natin ngayon.

81 At hindi ko makita kung nasaan ang denominsyon, sa mga salitang iyon na napakalinaw na sinabi sa Biblia na magaganap at ang mga bagay na mangyayari, at heto na tayo't nabubuhay na tayo sa loob nito ngayon, hindi ko makita kung saanpang panahon iyon maaaring magaganap kundi dito.

Iglesia, napagtatanto ko na kailangan kong tumayong kasama ninyo sa paghuhukom baling araw. Huwag nawang mangyari na makapagsabi ako sa inyo na anumang bagay na mali dahil sa katanyagan. Ayaw ko niyan. Kung natupad lang sa akin ang sarili kong pagnanasa, ako'y—ang sarili ko lamang na pagnanasa, kukunin ko ang riple ko at pupunta ako sa kagubatan, at magtatayo ako ng aking dampa, at mangangaso na lang ako habambuhay. Tumatanda na ako, napapagod, nahahapo, at nanghihina na. Ngunit hindi ko magawang huminto. May isang bagay na nagpupumiglas sa aking kalooban. Sa aba ko, kung hindi ko sasabihin ang Katotohanan, at ang buong Katotohanan. Sa aba ko, kung hindi ako maninindigan dito, hanggang sa lisanin ako ng huling hininga ng katawan ito. Kailangan kong manindigan, anuman ang sabihin ng sinuman, may pananagutan ako sa harap ng Diyos.

82 At tunay akong naniniwala na ang mga bagay na ipinangangaral natin ay ang Katotohanan, hindi dahil sa ako ang nangangaral nito, hindi, kapatid ko. Hindi po. Alam ng Diyos ang puso ko. Nais kong umupo sa kongregasyon at pakinggan ang pinahiran sa kaniyang pangangaral. Magiging higit na madali iyon para sa akin. Tiyak nga. Pagkat magkakaroon din ako ng Buhay na Walang Hanggan tulad lalaking nasa pulpito. Bahagi ako nito tulad din naman niya. Pupunta rin naman ako sa langit, at magkakaroon ng kaparehong mga prebilihiyo. Magiging napakadali para sa akin na umupo na lamang diyan at nang hindi na ako magkapasa at dumanas ng mga pagpalo, at magpapatuloy na lang ako. Magiging napakadali niyon.

Sapagkat heto't wala akong tulog magdamag, isa't kalahati o dalawang oras akong nakikipagbuno gabi-gabi sa mga bagay na nagaganap. Gaano kadali para sa akin ang gawin iyan, ang isukbit ang baril ko kinaumagahan, pati na ang aking pamingwit at mangingisda na lang ako o kaya'y mangangaso. Magiging napakadali niyan. Ngunit, kapatid, ako ang napili, at nawa'y tulungan ako ng Diyos upang huwag kong iwasan kailan man ang lugar ng aking tungkulin, kundi maging tapat nawa ako at maging totoo at makapamunga ako sa inyo ng Panala ng isang taong nag-iisip na magbibigay sa inyo ng panlasa ng isang taong banal.

Ang Panala ng taong nag-iisip ay ang tubig ng - ang tubig ng paghihiwalay. Ito'y isang paglilinis sa kasalanan, walang iba kundi ang Salita ng Diyos. At ang taong marunong mag-isip, ang taong nakaaalam na kailangan niyang humarap sa Diyos, nakaaalam na kailangan niyang managot sa bawat Salita ng Biblia, bibigyan ng kasiyahan nito ang panlasang nasa ng puso ninyo. Tulungan nawa tayo ng diyos na tanggapin ito habang niyuyuko natin ang ating mga ulo.

83 Mahal na Diyos, isa o dalawang oras na naman ang lumipas. Ang orasan ay umikot na. Ang mensahe ngayon ay tumutungo na sa kasaysayan, at nakatala na ito sa Aklat. Tayong lahat ay kailangan managot para dito, lahat ng ikinilos natin, lahat ng salita natin, lahat ng inisipnatin, patuloy na nagaganap ang pagtala. At magpapatuloy ito hanggang matapos na ang buhay, at pagkatapos aymananagot sa araw ng paghuhukom.

O Diyos, ang dakilang Lumikha ng langit at lupa, na siya namin sinasampalatayanan, idinadalangin ang mga taong na sa araw na ito. Idinadalangin ko aking sarili kasama nila, na, Panginoon Jesus, na hawakan Mo ang Iyong Panala. At kung mayroon akong sisabi na mapaglapastangan, Panginoon, ako—sa puso ko'y hindi ko iyon nalalaman. Idinadalangin ko na kung sakaling nagkamali ako sa paghawak ng iyong Salita at sa paggamit ko ng bagay na iyon, ipatawad Mo ito sa akin.

84 Ngunit, Panginoon, nag-iisip nang mangusap Ka sa akin , doon sa kagubatan, alam Mo ang oras at ang umagang iyon, sadyang—hindi ko iyon maialis sa isipan ko. Tinanggap kong galing iyon sa Iyo. Kaya, Amang Diyos, naipangusap ko na ito, at idinadalangin ko Diyos, na Iyong itulot na maganap ito ayon sa naisip ko, na ang taong nag-iisip, kung talagang may isip siya, alam niyang tatayo siya sa presensiya ng Diyos, at hidi niya tatanggapin sa kanyang kaluluwa anumang bagay makahahawa o sumasalungat sa Salita ng Diyos.

At, Ama, napagtanto namin iyon nang ihambing ko ito sa mga organisasyon na araw na ito, hindi para maging iba, Panginoon. . . Hahatulan Mo ako isang mula sa aking puso. At idinadalangin ko Diyos, na makita Mong hindi ito para maging iba, kundi para maging tapat, upang sikaping maging sinsero, dahil napagtatanto ko na hawak ko ngayon ang binili ng Iyong Dugo mula sa isang dulo ng baybaying dagat hanggang sa kabilang dulo nito. At marami sa kanila ang naniwala sa ulat. 193 At Diyos ng kalangitan, wala sanang isa man sa kanila ang mapahamak. Inaangkin ko ang bawat isa sa kanila at itinatapat ko sa kanila ang Panala sa kasalanan, ang tubig ng paghihiwalay, ang dugo ni Jesus Cristo, ang Salitang nahayag sa laman. Itulot Mo ito, Panginoon, at ibuhos nawa ng Espiritu Santo ang bawat pangako sa aming mga kaluluwa, at maging mga buhay na kinatawan nawa kami ng Nobya ni Jesus Cristo sa panahon ng mga mata, ng paningin sa panggabing Liwanag, sapagkat hinaharap namin ito sa Iyo sa ngalan ni Jesus Cristo. Amen.

85 Mahal ba ninyo Siya? Naniniwala ba kayo rito? Ako—kung may nasabi akong mali sa pagsasabi ng panala ng taong nag-iisip, wala na akong iba pang masabi. Wala akong pinag-aralan;sadyang kailangan ko lang sabihin kung ano'ng dumating sa akin. At ng makita kong nakalapag iyon doon, naisip ko, " Isa itong pangungusap na mapagpapaimbabaw." At may nagsabi, "Tulad din ng iglesia."

Panala ng isang taong nag-iisip (Ay, naku.), higit diyan ang nilalaman niyan. Hindi ito gagamitin ng isang taong nag-iisip sa anumang paraan. Kita n'yo? Tiyak nga hindi. At nagnanasa ito ng panlasa ng taong naninigarilyo (Tama.), sapagkat kailangan niyang makuha ito upang mabigyan ng kasiyahan ang kanyang panlasa. Ngunit ang tunay na taong nag-iisip na nakaaalam na ang kaluluwa niya ay hahatulan, sasalain niya ang kanyang panlasa sa pamamagitan ng Salita ng Diyos,"Sapagkat lahat ng ibinigay sa akin ng Ama ay lalapit sa Akin ." At siya'y mabubuhay sa bawat Salitang namumutawi sa bibig ng Diyos na siyang Tubig ng paghihiwalay, na nag—naghihiwalay sa atin sa kasalanan. Sapagkat kapag dumaan ito sa Salita, makikita natin na kasalanan ang hindi ito paniwalaan, kaya pinaniniwalaan lang natin ito at tayo'y nagpapatuloy. Ito'y isang paghihiwalay sa kasalanan. 196 Mahal ninyo ba Siya? Mahal Siya, Ma. . .(Itaas natin ngayon sa Kanya ang ating mga kamay.) Sapagkat minahal Niya ako, Nag-alay ng kaligtasan Sa Kalbaryo.

86 Ano'ng sabi niya? "Dito ay makikilala ng mga tao na kayo'y mga alagad Ko, kung kayo'y nagsisiibig, nagsisiibig sa isa't isa." Ngayon, makipagkamay tayo habang inaawit natin itong muli at sabihin natin, " Mahal din kita, kapatid." Mahal Siya, Ma. . . (Ito ay upang ipaalam sa iyo. . .) . . . hal Niya ako, Nag-alay ng kaligtasan Sa Kalbaryo.

87 Gaano ba ninyo kagusto ang Panalang ng taong nag-iisip? Pagpunta niyo sa lansangan upang muli na

naming makisalamuha sa sanlibutan bukas, kapatid na lalaki, kapatid na babae, taglay na ba ninyo ang Panala ng taong nag-iisip? Kapag tinawag kang holly roller ng isang taong, gumagamit ka ban g Panala ng taong nag-iisip? Kapag nagsalita ng masama ang isang tao laban sa iyo, mayroon ka bang Panala ng taong nag-iisip? Kita n'yo? Gantihan mo ng kabutihan ang masama. Ipanalangin ninyo ang sa inyo'y nagsasamantala at nagsisiusig: kung gayo'y humihithit na kayo sa Panala ng taong nag-iisip.

88 Sapagkat kung ang mga umiibig lamang sa inyo ang iniibig ninyo, tulad ng nagkamayan tayo sa isa't-isa na mga minamahal sa Panginoon, iyan ay mabuti; ngunit kaya rin ba ninyong ibigin ang hindi kaibig-ibig; iyon ang Panala ng taong nag-iisip; iyan ang Espiritu ni Cristo na nasa inyo, na umiibig sa mga hindi umiibig sa inyo, kung gayo'y nasa inyo ang gantimpala ng Diyos. Ngunit ngayon, kung ginagawa ninyo ito bilang katungkulan, hindi mo pa rin taglay ang Panala ng . . . Naroon ka pa lang sa pangalawang bilog. Ngunit kung talagang mahal mo siya mula sa puso mo, kung gayo'y humihithit ka na sa Panala ng taong nag-iisip, at binibigyan Nito ng kasiyahan ang panlasa ng taong banal, na alam mong mula sa puso mo, na pinatatawad mo ang lahat sa bawat tao, anuman ang naganap. Hindi ba't kahanga-hanga Siya?

. . . minamahal Niya 'ko Nag-alay ng kaligtasan sa kalbaryo. Tayo nang lumakad; Sa kaniyang liwanag; Kung saan ang hamog ng biyaya'y sapat; Magliliwanag sa gabi at araw, Si Jesus ang Ilaw ng daigdig. Tayo nang lumakad; Sa kaniyang liwanag; Kung saan (Nasala na) ang hamog ng biyaya'y sapat. Oh, magliliwanag sa gabi at araw, Si Jesus ang ilaw ng daigdig. Halina, mga supling ng Ilaw, Kay Jesus na Ilaw ng daigdig; Langit sa'tin ay sasalubong; Si Jesus ang Ilaw ng daigdig. Oh, tayo nang lumakad; Sa Kaniyang Liwanag; Kung saan ang hamog ng biyaya'y sapat; Oh, magliliwanag sa gabi at araw, Si Jesus ang Ilaw ng daigdig. Gusto n'yo ba iyan? Oh, tayo nang lumakad; Sa Kaniyang Liwanag; Kung saan ang hamog ng biya'y sapat; Magliliwanag sa gabi at araw, Si Jesus ang Ilaw ng daigdig. Gusto ko talaga iyon. Mananalig sa Iyo, Kordero ng kalbarya, manliligtas! Dalangin ko'y dinggin, Sala ko'y limutin (Salain Mo ako, Panginoon, sa pamamagitan ng Salita) Magpawalang-hanggan Ako'y Iyo! Isipin lang ninyo: Sinala sa Salita, Iyung-iyo. Sa landas ng buhay, Kapiling ay lumaybay, Akayin Mo ako; Ako'y susunod sa Iyo, Lungkot ko'y pawiin, Huwag nang itulot na Mawalay pa. [Nagsimulang humimig si Brother Branham - Ed.] . . . sa pusong sawi, Puspusin mo! Ako'y susunod sa Iyo, Lungkot ko'y pawiin, Diyos, magmula ngayon Sakupin Mo!

89 Mahal na Diyos, gustung-gusto naming umawit sa Iyo, sapagkat dito namin naihahayag an gaming damdamin, an gaming emosyon, ang buong kongregasyon, habang hinihingahan Mo kami ng Salita ng Buhay. Labis kaming nagpapasalamat, Panginoon. Sa awiting iyon, tanggapin mo kami, maaari ba, Panginoon. Iyon ang aming hangad, ang masala sa Salita ng Diyos, ang lumakad bawat araw sa Liwanag, sa Liwanag ng Ebanghelyo. Puspusin kami ng pag-ibig, Sa paglakad kasama ng Espritu. Kami ay hahayong, May awit sa puso; Puspusin kami ng pag-ibig.

Itulot mo po ito, Panginoon. Sama-sama mo kaming pagpalain ngayon. Hayaan mong mapasa amin ang Iyong biyaya at habag. Pagalingin Mo ang mga may sakit at nagdurusa sa buong lupain.

Pinasasalamatan Ka namin kay Brother Coggins ngayong gabi, na hinayaan Mo siyang makaalis na sa hospital at makauwi nang magaling. Salamat pos a lahat ng ginawa Mo, at sa aming kalakasan na ang pakiramdam namin ngayon ay naiangat kami.

90 Pinasasalamatan ka namin sa munting putul-putol na mensaheng ito ngayong gabi, Panginoon. Hindi tama ang pagkapangaral ko, ngunit idinadalangin ko, Panginoon, na iwasto Mo po ito sa paningin sa mga tao, upang makita at malaman nila kung anong layunin nito. Kumuha Ka nang kaluwalhatian mula rito, Panginoon, at taglayin nawa namin ang pagkaunawang ito, kung wala ng iba, na dapat kaming mabuhay sa Tinapay ng Salita ng Diyos, na sinala mula sa Diyos para lamang sa Kaniyang mga anak. Isa itong naihiwalay na kongregasyon. Hindi ito para sa iba pa. para lamang ito sa iyong mga pinili, kung papaanong ang tubig ng paghihiwalay na mula sa pulang guying baka noon ay para sa kongregasyon lamang ng Israel. Kaya, ama, nalalaman naming ang Tinapay ay para lamang sa mga Tupa. "Hindi marapat na kunin Ko ang tinapay ng mga anak at itapon sa mga aso," ang sabi ni Jesus. At sumagot ang babae na nagsasabi, "Oo, Panginoon, totoo iyan, subalit handa akong tumanggap ng mga mumo." At ganoon ang nararamdaman namin ngayong gabi Panginoon. Nais naming matanggap ang lahat ng maaari Mong ibigay sa amin. Ama, sapagkat nagugutom at nauuhaw kami para sa higit pa mula sa Iyo. 203 Itulot Mong mapunuan ang aming pagkagutom at maipaalam ang aming mga pagnanasa; pagkat, ama, nais namin magkaroon ng pagnanasa ng taong matuwid. At ang Taong matuwid ay si Jesus Cristo, at ang Kaniyang hangad noon ay ang gawin ang kalooban ng Ama, walang iba kundi Salita. Ipagkaloob Mo po ito sa amin, Ama. Hiling namin ito sa Kaniyang Pangalan. Amen.

Magsitayo tayo ngayon habang inaawit natin ang awitin natin sa pagtatapos na "Ngalan ni Jesus ay Kunin."

91 Sa mga lugar ngayon na narating ng mensahe ngayong gabi, naway sumainyo ngayon ang Diyos habang nagtatapos tayo sa panalangin. Ang bawat isa nawa sa inyong naririyan . . .umaasa akong nasiyahan kayo sa pakikinig kung paanong nasiyahan akosa paghahatid ninyo sa inyo. At nagtitiwala

akong ilalagay ito ng Diyos sa inyong mga puso at ibibigay sa inyo ang tamang pagpapaliwanag.

At kayong mga naririto sa mga tagapakinig na nagmamay-ari nitong mga panyong nakalapag dito, pinatungan ko ng kamay ang mga ito. Idinadalangin ko na pagalingin ng Diyos ang isa sa inyo, na hindi nawa magkaroon ng maysakit sa ating kalagitnaan, na inyong makita kung paanong tumugon ng panalangin ang ating Diyos. Kapag nagkakatipon tayo, "Ang bayan na tinawag sa Aking Pangalan ay magkatipon at manalangin, kung magkagayo'y dirinig Ako mula sa langit . . . ipinangako Niyang gagawin Niya ito.

92 Kaya't hindi tayo nagkakabaha-bahagi; iisa lamang tayong persona. Iisang persona tayo. Iisa lang tayong lahat kay Cristo Jesus. At ang bawat isa ay nananalangin para sa isa't-isa. Idalangin ninyo ako kung paanong idinadalangin ko kayo. At pagpalain kayo ng Diyos hanggang sa muli nating pagkikita.

At nagtitiwala akong kayo'y magiging isang palagiang—kayo na nakatira dito sa malapit, ay dudulog sa Tabernakulo at bibisita ritong kasama ng ating butihing pastor, si Brother Neville. Matutulungan niya kayo, sina Brother Mann at ang mga butihing tauhan nila dito sa Tabernakulo.

Kung malapit kayo kina Brother Junior Jackson o sa iba pa sa kanila sa buong lupain, sa New York, at iba pang mga dako, kung saa'y nagdadaos sila ng mga gawain, sa buong Arizona at Califronia, bisitahin ninyo ang mga simbahang iyan kung magagawi kayo roon. Dalangin ko na kayo'y nuling makabalik at hayaan ninyong tulungan kayo ng pastor upang makaalam ng higit pa tungkol sa Panginoong Jesus.

93 Pagpalain nawa kayo ngayon ng Diyos habang inaawit natin ang "Ngalan ni Jesus ay kunin." . . . ni Jesus ay kunin. Pag-asa ng lupa't langit Anak nd dusa't panimdim, Nga- (. . .?. . . Brother John, halika . . .?. . .) O dakilang Pangalan, (O dakilang,) . . . (Pangalan!) Pag-asa ng lupa't langit; O dakilang Pangalan! Pag-asa ng lupa't langit.

94 Sa pagtingin ko sa kongregasyon ngayong gabi nakikita ko si Brother Estle Beeler doon sa likuran, si Brother Palmer, at marami pa, Brother J.T., at napakaraming mga ministro ang nakatayo dito sa paligid, hindi ko na magawang banggitin lahat ang kanilang mga pangalan. Sana'y puwede ko kayong makasamang lahat dito sa itaas at nang kayong lahat nag magpauwi sa kongregasyon o gumawa ng isang bagay. Nauunawaan ninyo, hindi ba? Alam kong may puso kayong Cristiano at alam kong kailangan nating—kung paano tayo—kung ano tayo. Iisang persona lang tayong lahat kay Cristo Jesus.

Ngayon, alalahanin nating ang kasunod na talatang ito habang inaawit natin samantalang ang Kapatid nating si Martin ay mananalangin para sa ating pag-uwi. At nais kong . . . Ito si Brother Martin na taga, sa paniwala ko'y, taga Arkansas, o sa—o sa Missouri—sa Missouri na nasa Arkansas sa hanay ng Missouri. May simbahan sila roon. Napansin ko lang ang isa pang na kapatid na ito na taga roon; hindi ko maalala ang kaniyang pangalan: Brewer. Narito siya kaninang umaga. Sa palagay ko'y naririto pa rin siya ngayong gabi. Siyanga, nakita ko siyang nakatayo rito, Brother Brewer. Maraming beses ko nang ipinangakong dumaan upang ialay ang kanilang mga simbahan. Makararating din ako roon isang araw sa tulong ng Panginoon, kung magagawa ko. Ngayon, habang inaawit natin ang kasunod na talatang ito ngayon . . . Yuyukod sa kaniyang Ngalan, Kay Jesus ay sasamba, Hari Siyang mapuputungan, Sa dulo ng paglalakbay. Awitin natin ito ngayon. Yuyukod sa kaniyang Ngalan, Kay Jesus ay sasamba, Hari Siyang mapuputungan, Sa dulo ng paglalakbay. O dakilang (o dakilang,)... (Pangalan!) Pag-asa ng lupa't langit; O dakilang Pangalan! Pag-asa ng lupa't langit. Oh, Ngalan ni Jesus ay kunin, Sa bitag upang maligtas; (Makinig ngayon.) Kung pagsubok ma'y dumito, (Ano'ng dapat mong gawin?) Sa ngalan Niya'y dumalangin. O dakilang Pangalan!

Pag-asa ng lupa't langit; O dakilang Pangalan! Pag-asa ng lupa't langit; Magsiyuko tayo. O dakilang Pangalan! Pag-asa ng lupa't langit; Dakilang, (magpabautismo ka rito, idalangin mo.) Pangalan! Pag-asa ng lupa't langit; Brother Martin